# DAGITAB

2025



# DAGITAB

2025

Rebolusyonaryong Lathalaing Pampanitikan ng Artista
at Manunulat ng Sambayanan-Timog Katagalugan (ARMAS-TK)




*Silweta ng pagwawasto*

*Ang konsepto ng pabalat ay ang pagpapakita ng sining ng pakikibaka sa kasalukuyang yugto ng kilusang pagwawasto sa pamamagitan ng pagluluwal ng silweta (silhouette) sa pagsasanib ng liwanag at dilim sa isang papel.*

# NILALAMAN

**Paunang Salita** 7
**Pambungad** 9
**Editoryal** 12

MAIKLING KWENTO

**BHB, laging handa** ni Ka Human 17
**Kung AFP perwisyo, 'pag NPA serbisyo** ni Ka Arvhy 23

SANAYSAY

**Mga alitaptap sa ilalim ng bituin** ni Ka Charlie 28
**Bakit ako lumalaban?** 30
**A glimpse of the countryside** ni Ka Barry Asedillo 36
**Tanglaw sa dilim ng digma** ni Ka Lina 42

TULA

**Mga hiling sa aking kaarawan** ni Ka Rain 49
**Byaherong BHB** ni Ka Yoyoy 52
**Opensib** nina Ka Stan at Ka Lee 53
**Patig at kayumanggi** ni Ka Anel 55
**Kailangang iwasto** ni Pilosopong Binibini 56
**Temperature** ni Ka Rocks 59
**Temperatura** (malayang salin) ni V. Sanggangbayan 62
**Mga tanong sa aking ama** ni Ka Anel 66
**Pag-igpaw** ni Malayang Magbubukid 69
**Signal payr** ni RA Santiago 70
**Laro tayo** ni Ka Arvhy 73
**Pag-alis ng piring** ni Ka Yoyoy 75
**Pagpapanday ng kontradiksyon** ni Ka Lina 78
**Magpakabihasa sa batas ng paggalaw** ni Ka Silang 80

SA ALAALA NG MGA REBOLUSYONARYONG MARTIR

**Ang buwan ng Oktubre** 83
**Pamamanata sa baril** ni V. Sanggangbayan 85
**Isang taon ng pag-alaala** ni Ka Anela 89
**Mga nawawalang salita at letra sa tula ni Ka Thaw** ni Ka Rain 92
**Dokards** ni Ka Bingbing 94

AWIT

**Sanlibong awit** ng ARMAS-TK 99
**Tambang Remix** ng Bagong Pag-asa 103

ISKRIP

**Chikad Maglulukad** ng Pulang Bandila-AMC 107

SINING BISWAL

**Sining biswal** ni Ka Giovani 18
**Sining biswal** ni Ka Giovani 21
**Huntahan ng masa** ni Ka Jane 24
**Mga alitaptap sa ilalim ng bituin** ni Ka Charlie 28
**Sining biswal** ni Ka Giovani 32
**Breyk** ni Ka Agape 35
**Sa larangan** ni Ka Solana 41
**Sining biswal** ni Ka Giovani 47
**Sining biswal** ni Mayo Liwayway 51
**Pulang paaralan** ni Mayo Liwayway 54
**Sining biswal** ni RA Santiago 58
**Sa gubat** ni Ka Agape 65
**Women hold up half of the sky** ni RA Santiago 68
**Sining biswal** ni Mayo Liwayway 72
**Isulong ang kilusang pagwawasto** ni Ka Pleni 77
**Pulong talakayan** ni RA Santiago 81
**Sining biswal** ni RA Santiago 85
**Tolda sa Dos** ni Ka Solana 89
**Dyornal ni Ka Thaw** 93
**Sining biswal** ni Ka Giovani 114
**Sining biswal** ni Mayo Liwayway 102
**Siesta sa sona** ni Ka Agape 105
**Sining biswal** ni Ka Giovani 116
**Dapithapon sa kaingin** ni Mayo Liwayway 120

LIHAM

**Mula kay Ka Aera** 118

**Pasasalamat** 121

# PAUNANG SALITA

ni Fortunato Magtanggol, Tagapagsalita
Revolutionary Council of Trade Unions

Mula sa hanay ng mga manggagawa, nagpupugay ang Revolutionary Council of Trade Unions sa paglalabas ng ARMAS-TK ng DAGITAB 2025 na may temang *"Pandayin ang proletaryong pananaw at paninindigan, ubos-kayang isulong ang kilusang pagwawasto!".* Napapanahon ang mga nilalaman nitong pyesa na layong magbigay inspirasyon sa mamamayang api't pinagsasamantalahan laluna sa mga rebolusyonaryong pwersa.

Nais bigyang-diin ng DAGITAB 2025 ang pagtupad sa mga tungkulin sa kilusang pagwawasto. Pangunahin sa mga ito ang pagbabalik-aral sa mga batayang prinsipyo ng Partido, paglalagom ng karanasan, pamumuna at pagpuna sa sarili at pagpapasigla ng panlipunang pagsisiyasat at pagsusuri sa uri. Panawagan nitong iwaksi ang peti-burges na suhetibismo at ang iniaanak nitong mga maling praktika at tendensya sa pulitika at organisasyon.

Nagwawasto tayo sa pamamagitan ng pag-aaral at pagsariwa sa mga nakaraang karanasan upang lagumin at kapulutan ng aral. Napakainam na paraang ang katas nito ay nailalahad sa pamamagitan ng mga likhang sining at panitikan sa anyo ng mga awit, tula, sanaysay, maging mga liham at iba pang porma. Sa edisyong ito, naging saksi ang mga proseso ng pagbubuo ng mga obra sa masalimuot na pagpapanday ng mga kasama sa sarili upang itaas ang kritikal na pang-unawa at pagwaksi sa mga kamalian at pagkabigo, nang higit na makasulong para harapin ang mas malalaki pang daluyong at hampas ng alon sa karagatan ng digma.

Ilang tampok sa edisyong ito ang kwento ng buhay ng mga Pulang mandirigmang pinalalakas ng masa sa kanayunan sa gitna ng maigting na pakikihamok sa malakihang *focused and sustained military operations*. Pinapasubalian naman ng mga sanaysay sa tomo na ito ng DAGITAB ang palaging panambitan ng reaksyunaryong estado na "lipas na ang panahon para sa pagrerebolusyon". Mababakas ito sa

mga akda ng mga *integree* at *exposurists* na nagbahagi ng kanilang paghanga sa mataas na diwa ng pagsasakripisyo at pagharap sa buhay-at-kamatayang pakikibaka sa kanayunan ng Bagong Hukbong Bayan at ng di-nasasaid na suporta dito ng mga magsasaka. Inspirasyon din ang pagtanggap ng kasalukuyang henerasyon ng mga kabataan sa mabibigat na mga tungkulin sa pagrerebolusyon. Lahat ng Ito'y nagpapakita na sa gitna ng umiigting na panunupil ng naghaharing estado, natitiyak ang pagsulong at paglakas ng armadong pakikibaka at demokratikong rebolusyong bayan.

Isang nagpapatuloy na pagsisikap sa pagwawasto ang paglilimbag ng panrehiyong magasin upang maging instrumento sa pagwawaksi sa mga maling pananaw at gawi at pagpupunyaging itanghal at isabuhay ang proletaryong paninindigan, pananaw at praktika.

Nasa harapan ninyo ngayon ang kolektibong pagharap ng mga rebolusyonaryo sa Timog Katagalugan sa iba't ibang mga mukha ng suhetibismo sa iba't ibang mga lugar, sektor at panahon. Sama-sama nating halawan pa ng aral ang mga ito, habang may kasamang tulo ng luha sa mata, galak at rebolusyonaryong optimismo.

Tiyak na matutuwa ang masang api sa pagbabaybay ng mga preskong kwento at akda ng DAGITAB 2025. Sa mga hamon ng kilusang pagwawasto at inspirasyong hatid ng mga rebolusyonaryong likhang sining na kumakatawan dito, makakaasa ang buong rebolusyonaryong kilusan sa aming sektor bilang hukbong mapagpalaya sa pagtupad ng papel nito sa pagsusulong ng rebolusyon at pagpapatatag sa abanteng destakamento ng proletaryado, ang Partido Komunista ng Pilipinas. Habang determinado ang mga magsasaka na bumangon sa kahirapan, ang mga kabataan na lumabas sa apat na sulok ng silid-aralan, lalong pursigido ang mga manggagawa na pamunuan ang pakikibaka ng sambayanang Pilipino para sa pambansang kalayaan at demokrasya upang makatungo sa kasunod na yugto ng rebolusyong lalagot sa tanikala ng pang-aaliping sahuran para gawing kongkreto ang sosyalistang bukas na hinahangad nating lahat! D

# PAMBUNGAD

## MULA SA PATNUGUTAN NG DAGITAB

Tunghayan ang mga likhang obra sa Timog Katagalugan na nilikom ng DAGITAB 2025 sa temang*"Pandayin ang proletaryong pananaw at paninindigan, ubos-kayang isulong ang kilusang pagwawasto!".* Tinipon dito ang 53 likhang sining na may 27 sulatin, 2 awit at 24 biswal. Tinuturol ng edisyong ito ang konsolidasyon at pagpapalakas ng rebolusyonaryong pwersa sa tuluy-tuloy na pag-aaral at pagsisikhay upang maging mga tunay na proletaryado at Komunista. Tinipon sa edisyong ito ng Dagitab ang masalimuot at malupit na proseso ng pagsusulong ng digmang bayan habang pinamamayani ang di-natitinag na determinasyon at dedikasyong paglingkuran ang sambayanan at rebolusyonaryong optimismo sa katiyakan ng tagumpay ng rebolusyon. Nilalaman din nito ang mga testimonya ng mga pagpupunyagi para bakbakin ang burges at indibidwalistang tendensya ng mga kasapi ng Partido na nagbuhat sa bulok na kulturang nanunuot sa malakolonyal at malapyudal na lipunan nang sa gayo'y mapalitan ito ng proletaryong gawi at kaisipan. Sinasalamin din nito ang kolektibo at indibidwal na pagsisikap ng mga kasama upang hinangin ang pinakamahigpit na pagkakaisa at kolektibong lakas para gapiin ang kaaway—kapwa sa aktwal na larangan ng pakikidigma at sa pagpapanibagong-hubog ng mga sarili.

Inilahad ng mga tulang Kailangang iwasto ni Pilosopong Binibini, Pag-igpaw ni Malayang Magbubukid at Pag-alis ng piring ni Ka Yoyoy ang katumpakan ng kilusang pagwawasto sa pangunguna ng Partido Komunista ng Pilipinas (Marxismo-Leninismo-Maoismo). Matalas na tinukoy sa mga akdang ito ang mga maling kaisipang dapat igpawan ng bawat Komunista para sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan (DRB). Muling sinasariwa sa mga tulang Magpakabihasa sa batas ng paggalaw ni Ka Silang at Byaherong BHB ni Ka Yoyoy ang teorya ng MLM na dapat magsilbing gabay sa pagkilos sa gitna ng mapanghamong kalagayang pampulitika at pangmilitar sa bansa.

Pinakakawalan ng estado ang pinakabrutal na pasismo laban sa mamamayan. Kinakaharap ngayon ng buong rebolusyonaryong kilusan

ang kaaway na rehimeng US-Marcos II na pinatindi at pinabangis kaysa nakaraan. Ngunit napapawalang-saysay ang mga makabagong sandata dahil nananatiling nagkakaisa ang masa at hukbo. Ipinakikita ng dulang Chikad Maglulukad ng Pulang Bandila-Apolonio Mendoza Command-BHB Quezon at tulang Laro tayo ni Ka Arhvy ang hindi mapapatid na ugnayan ng masa at BHB anuman ang gawing pagsisikap ng kaaway na paghiwalayin sila upang tuluyang madurog ang rebolusyonaryong armadong pwersa.

Nalalantad ang tunay na kulay ng reaksyunaryong armadong pwersa dahil sa pasismong hatid nila at kung bakit sumusuporta ang masa sa rebolusyonaryong kilusan. Masasaksihan sa maikling kwentong Kung AFP perwisyo, 'Pag NPA serbisyo ni Ka Arhvy ang pananatili ng katapatan ng masa sa rebolusyon dahil sa malalim na pagkaugat ng Partido at mayamang kasaysayan ng pakikibaka ng masang magsasaka para sa kanilang lupa at kabuhayan katuwang ang BHB. Naunawaan nila ang kawastuhan ng DRB at ang dalisay na layunin ng Partido. Isinalarawan ito sa mga tulang Mga tanong sa aking ama at Patig at kayumanggi, kapwa mga akda ni Ka Anel, na nagpakita kung bakit boluntaryong sumasapi ang masang magsasaka sa BHB.

Sa kalunsuran, lumalahok ang mga manggagawa, kabataan at propesyunal sa armadong pakikibaka dahil sa kagustuhang baguhin ang bulok na estado. Sila'y namumulat at nagpapasyang makipamuhay sa masang api na nakasaad sa akdang Bakit ako lumalaban?. Inaaral nila ang armadong rebolusyon sa pamamagitan ng pakikipamuhay sa BHB. Sinasalamin ng mga akdang *A glimpse of the countryside* ni Ka Barry Asedillo at Mga alitaptap sa ilalim ng bituin ni Ka Charlie ang karanasan ng mga *exposurists* at nag-*tour of duty* sa sonang gerilya. Hindi pa man buong panahong mailalaan ang buhay para sa armadong pakikibaka, nakatanaw silang higit na mag-ambag para sa pagsusulong ng rebolusyon, bitbit ang mga aral at inspirasyon mula sa masa at Hukbo.

Sa marubdob na paggagap sa mga batas ng digmang bayan, nagagawang igpawan ang pesimismo at pawiin ang takot na isinalaysay sa akdang Tanglaw sa dilim ng digma ni Ka Lina at Liham ni Ka Aera.

Determinadong humakbang ang mga rebolusyonaryo upang magkamit pa ng malalaking pagsulong. Tumutugon ang Pulang hukbo sa panawagang iwaksi ang konserbatismong militar, pasibidad, gerilyaismo, milisyaismo at gawi ng rebeldeng lagalag na nilalaman ng mga berso ng *rap* na Tambang *Remix* ni Bagong Pag-asa at tulang Opensib nina Ka Stan at Ka Lee. Sa tulang Signal payr ni RA Santiago, binabasag ang pagmamalaki at pasibong pagharap sa kaaway. Ang matagumpay na taktikal na opensiba naman sa maikling kwentong BHB, laging handa ni Ka Human ay nagpakita ng kapursigehan ng mga Pulang mandirigma at kumander na parusahan ang kaaway at magkamit ng mga ganansyang pampulitika sa kabila ng mga balakid.

Batas ng digma at hindi maiiwasan ang pagkabuwal ng mga kasama sa gitna ng magiting na pakikipaglaban sa pasistang rehimeng US-Marcos II. Mataas na pagpupugay ang iginagawad sa mga martir ng sambayanan na nag-alay ng kanilang buhay habang isinusulong ang kilusang pagwawasto. Iniaalay ang tulang Pamamanata sa baril ni V. Sanggangbayan kay Ka Isko, Dokards ni Ka Bingbing kay Ka Kardo, Isang taon ng pag-alaala ni Ka Anela kay Ka Japet, Mga nawawalang salita at letra sa tula ni Ka Thaw ni Ka Rain kay Ka Thaw at Ang buwan ng Oktubre para sa mga bayaning magsasaka. Ang kanilang alaala at ambag habang isinusulong ang kilusang pagwawasto ay habambuhay na nakatatak sa kasaysayan. Maisasalin ang kanilang mga pamana sa susunod na henerasyon ng mga rebolusyonaryo.

Sa kabila ng mga pinsala't antala, optimistikong nakatanaw ang bawat Komunista na magwawagi ang rebolusyon. Inilarawan ng tulang Pagpapanday ng kontradiksyon ni Ka Lina at *Temperature* ni Ka Rocks (may salin sa wikang Filipino na Temperatura ni V. Sanggangbayan) ang patuloy na pagpapanday ng mga rebolusyonaryo sa gitna ng umiigting na sitwasyong militar at krisis ng bulok na sistemang malakolonyal at malapyudal. Ang panatang isulong ang rebolusyon hanggang magtagumpay anuman ang hirap na kahaharapin ay isinatitik sa tulang Mga hiling sa aking kaarawan ni Ka Rain at binigyang-himig sa awit na Sanlibong awit ng ARMAS-TK. D

# EDITORYAL

## Kilusang pagwawasto ang lunas!

Sa konteksto ng Partido, at ng bawat rebolusyonaryo, isang pangmatagalang tungkulin ang pagpapanday ng proletaryong paninindigan at pananaw. Isa itong hamon sa buong Partido at sa lahat ng rebolusyonaryo na kailangang magawa dahil sa ganito lamang maaaring itayo, palakasin at patatagin ang isang namumunong Partido sa sumusulong na rebolusyonaryong kilusang manggagawa at ng masang api't demokratikong uri sa lipunang Pilipino. Kailangang tiyakin ng bawat komunista't rebolusyonaryo na nakakapangibabaw ang matingkad na kulay pulang sinasagisag ng proletaryong pananaw laban sa konsentrado't lahatang panig na panglalabusaw, pananabotahe at pang-aatake ng mga kaaway sa uri.

Matigas, makapal at nanunuot sa kaibuturan at kabuuan ng lipunan ang burges at pyudal na pananaw na ipinamulat ng magkakutsabang paghahari ng kampon ng kadiliman sa Pilipinas, ang imperyalismong US at mga kasabwat nitong lokal na naghaharing uring malalaking kumprador-panginoong maylupa at burukrata-kapitalista. Ang puno ng haka-haka't atrasadong pyudal na pananaw ay hinalua't kinubabawan ng kulturang pamamayani ng kinang ng kalakal, salapi't tubo para sa burgesya at kanyang mga kakutsaba sa kapinsalaan ng uring anakpawis at ng sambayanan. Nililinlang at ginagahis ang masa upang pilit na panatilihing sunud-sunuran at pinaghaharian sa habampanahon. Pinagsanib-sanib ang paggamit ng mga naghahari sa lahat ng daluyan ng super-istruktura upang isalaksak ang kulturang nagbibigay matwid sa kanilang paghahari.

Sa loob ng bulok na lipunang ito, iniluwal ang diwa ng paglaban, ng kalayaan, ng demokrasya, ng rebolusyon, ng sosyalismo, ng pagkakapantay-pantay at ng komunismo. Reaksyon ito ng sambayanan at ng uring inaapi at pinagsasamantalahan sa daan taong pananakop ng dayuhan at pakikipagkutsabahan ng mga lokal na naghaharing uri. Resulta din ito ng tuloy-tuloy na pag-unlad ng lipunan. Nagsimula sa kalat-kalat na mga pag-aalsa, tumungo sa pambansang himagsikan para sa kalayaan at

demokrasya, inagaw ng US ang tagumpay, muling nagpatuloy sa bagong antas at tipo sa ilalim ng una'y luma at kalaunan ay bagong Partidong MLM. Sumanib sa rebolusyong Pilipino ang liberal-burgis na ideolohiya na tinanganan ng rebolusyong 1896. Kalaunan ang Marxismo-Leninismo-Maoismo resulta ng tagumpay ng Rebolusyong Oktubre sa Rusya noong 1917, ng kasunod na tagumpay ng dalawang yugtong rebolusyon sa Tsina noong 1949 at ng sumunod pang mga taon. Naging buhay ang MLM, dahil hindi lamang simpleng kinopya, bagkus inilapat sa kongkretong kalagayan at praktika ng lipunan at rebolusyong Pilipino.

Dapat tandaan na ang rebolusyon ay isang masalimuot na proseso ng lahatang-panig na pagbabago at pag-igpaw upang mailuwal ang bago at mas maunlad na lipunan. Dumadaan ito sa taeb at hibas, pagsulong at pag-atras na kapwa mga kinakailangang pagdaanan sa proseso ng matindi at malupit na buhay-at-kamatayang pakikibaka at pakikitunggali sa kontrarebolusyon at imperyalismo. Mayroon din itong mga panahon ng dakilang igpaw-pasulong sa mga yugto ng kahinugan ng mga paborableng salik na obhetibo at ng nalikhang lakas ng mga suhetibong pwersa ng rebolusyon.

Mula nang muling itatag, tayo ngayon ay nasa ika-56 taon na ng rebolusyonaryong pagsulong. Limampu't anim na taong walang humpay na pagpanday ng ating proletaryong pananaw, paninindigan at lakas. Mula sa halos wala, itinindig at pinanday ng apoy ng unang dakilang kilusang pagwawasto (UDKP) at paglaban sa diktaduryang US-Marcos ang ikalawang henerasyon ng mga Pilipinong proletaryong kadre, kasapi, pulang mandirigma't rebolusyonaryo. Ang tibay ng prinsipyo, disiplinang bakal at lakas na pinanday sa halos dalawang dekada ay paulit-ulit na tinangkang itumba ng US gamit ang diktador. Hindi ito naigupo kahit mula sa bubot pang yugto. Seryosong humamon sa pinanday na lakas ang mga panloob na kahinaan sa unang bahagi ng dekada otsenta. Binigo ang mga ito sa pagtatagumpay ng ikalawang dakilang kilusang pagwawasto (IDKP). Higit pang pinanday ng IDKP ang mga proletaryong rebolusyonaryo at ang tibay ng pagkakaisa at disiplinang bakal na taglay into. Muling nagkamit ng pagsulong at paglakas na walang kaparis sa kasaysayan ang muling tatag na Partido at rebolusyonaryong paglaban ng sambayanang Pilipino.

Ang mga tagumpay na nakamit ng IDKP ay muling hinamon ng panloob na kahinaang suhetibistang empirisista na may kalaunan nang hindi naiwawasto. Malaking kulang sa pag-aaral sa teorya, sa praktika at pagsisiyasat sa kalagayan ng masa. Nauso ang istilo ng paggawang malayo sa masang pinamumunuan. Matindi ang pagkapit sa mga lipas nang praktika at hindi tayo nakasabay sa kinakailangang pag-angkop at pagtataas ng antas nito batay sa nagbabagong kalagayan. Kaya naman sa gitna ng tuminding sitwasyon at atake ng kaaway, hindi tayo nakaangkop. Sumagipsip ang pesimismo at hindi iilan ang nagkwestyon sa katiyakan ng tagumpay. Ang mga nakamit ng IDKP ay unti-unting mawawaldas dahil sa malalaking pinsala at pag-atras na wala pang katulad sa kasaysayan ng Partido (MLM).

Kilusang pagwawasto ang lunas! Sa gitna ng mapanghamong panahon, malaki ang papel ng bawat kasapi ng Partido sa pagsusulong ng kilusang pagwawasto. Kailangan nating kontrahin ang agos ng peti-burges na suhetibismo sa loob ng Partido at ang iniaanak nitong liberalismo, burukratismo, ultra-demokrasya at pesimismo at iba pang mga maling estilo ng paggawa at pamumunong idinudulot nito. Kailangan nating kontrahin at labanan ang lahat ng atake ng imperyalismo at papet nitong estado sa Pilipinas.

Bahagi ng panlipunang pakikibaka ang sariling pakikibaka ng Partido at bawat rebolusyonaryo sa mga burges at pyudal na pananaw at gawi, haka-haka, suhetibismo, makasariling pananaw at iba pa na dala-dala at umiimpluwensya sa bawat isa at pawang naglilingkod sa imperyalismo, burgesya at mga lokal na naghaharing uri. Pangunahing paraan nito ang proletaryong pag-aaral upang armasan ang sarili ng syentipikong mga ideya at kaparaanan. Armas nito ang pamumuna at pagpuna-sa-sarili, mulat na pagwawaksi sa mga kahinaan at kamalian sa layuning tuloy-tuloy na makapagpanibagong hubog alinsunod sa proletaryong pananaw, paninindigan at pamamaraan. Kinakayang lampasan ng mga proletaryong rebolusyonaryo ang pandayang apoy dahil tinataglay nito ang walang hanggang katapatan sa interes ng uring proletaryado at sambayanang Pilipino.

Sinusukat ang paggagap ng isang rebolusyonaryong pwersa sa teoryang MLM sa paraan ng pag-aaral, pag-iisip at pagpili nito ng mga patakaran, programa, plano at hakbanging angkop sa kongkretong kalagayan at ang kapangahasang ipatupad ito upang iabante ang mga layunin at programa ng Partido. Makikita ito sa pagtatakda ng mga pangkalahatan at partikular na panawagan sa bawat pihit ng sitwasyon, sa implementasyon ng mga plano, sa bawat liko, sa bawat detalye. Makikita ito sa pagkatas ng mga gintong aral hanggang sa pagsasagawa ng mga kaliit-liitang pasyang kolektibo at indibidwal upang lutasin ang lahat ng kakaharaping problema sa kurso ng pagpupukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa masa para sa demokratikong rebolusyong bayan. At sa huli, makikita ito kung naisasalin sa praktika, sa pananalita, sa pang-araw-araw na buhay ng mga kasama at masa. Makikita itong higit sa awit, tula, dula, sanaysay, nobela, drowing, bidyo, sine at iba pang mga likhang sining at panitikan ng masa at rebolusyonaryong pwersa.

Saksi at sukatan ng sumusulong na kilusang pagwawasto ang mga obrang sining na nililikha ng mga rebolusyonaryong pwersa sa kasalukuyan. Hayaang ang mga pahina ng Dagitab ay maging bahagi ng buong katapangan, kabayanihan, kawalang takot at kawalang pag-iimbot na pakikibaka na sinasalunga ng bawat isa upang makamit na maging tunay na proletaryong rebolusyonaryo.

Sa harap ng napakahinog na sitwasyon ng sumisidhing krisis na pandaigdigang sistemang kapitalista at ng malakolonyal at malapyudal na sistema sa Pilipinas higit na kinakailangang palakasin ang proletaryong Partido. Tanging ang malakas na proletaryong Partidong may wastong paggagap at aplikasyon sa teoryang MLM, may pambansang saklaw at malawak na masang kasapian, armado ng kaparaanang pamumuna at pagpuna sa sarili at kilusang pagwawasto, nagtataglay ng disiplinang sintigas ng bakal na demokratikong sentralismo, ang may kakayanang salungahin ang kulturang burges at pyudal na umaalipin sa mamamayan upang epektibong pamunuan at dalhin sa tagumpay ang buhay at kamatayang pakikibaka laban sa imperyalismong US, pyudalismo at burukrata-kapitalismo. D



# Maikling Kwento

# BHB, laging handa

NI KA HUMAN

Tayong mga Hukbo ay laging nakahanda...laging nakahanda sa pakikibaka."

Mula nang pumakat ang tim nina Ka Sulo para sa TO[1], walang humpay nang tumutugtog ang kantang ito sa kanilang mga isip. Nasa pangalawang araw na sila ng pakat para sa ambus.  Bukod sa bahagi ito ng pagsisikap ng kanilang yunit na makaigpaw sa konserbatismong militar, bigwas ito sa pasistang kaaway na walang humpay na nilalabag ang karapatang tao ng mga masa sa kanilang erya.  Tahimik at aktibong nagmamasid ang kanilang tim.

Maya-maya pa, nagpaabot na ang masang taguyod nila sa pakat at sinabing handa na ang pananghalian ng mga kasama. Lumakad sina Ka Jon at Ka Rico para puntahan ang bahay nina tatay Juan.

"O, andyan na pala kayo, mga kasama. Pasensya na muntik tanghaliin ang ating pagkain, nagtalok pa kasi kami e," medyo nahihiyang bungad ni tatay Juan sa mga kasama.

"Ayos lang ho, 'tay. Kung hindi nga po dahil sa inyo ay hindi namin alam kung paano malulutas ang pagkain namin dahil hindi naman kami makapagluto," tugon ni Ka Jon.

Hirit naman ni tatay Juan, "Wala 'yun kasama, karangalan namin na matulungan kayo sa abot ng aming makakaya..."

Mapuputol ang kwentuhan ng mga kasama nang dumating si Ka Totoy, isa sa mga pasa-bilis sa baryo.

"Ay, mga kasama buti inabot ko kayo rito!" dire-diretsong pagsasalita ni Ka Totoy kahit hangos na hangos pa bunsod ng pagmamadali.

"O, bakit may problema ba?" tanong ni Ka Rico sa kanya.

---

1 *taktikal na opensiba*



“Ay ano ho e, nakasagap ako sa mga kasamahan ko sa pagtatalok na meron daw dumaang trak ng sundalo kahapon papuntang bayan galing sa kampo,” ulat ni Ka Totoy.

“Saan ho iyan? Madalas po bang dumaraan ang sasakyan ng kaaway dito?” pagpapalalim ni Ka Jon.

“Aba’y oo naman! Lalo na ngayon mag-e-eleksyon!” singit ni Ka Juan sa talakayan na parang alam na ang mga kasunod na mangyayari.

“Pwede nyo po ba kaming samahan na ipamilyarisa ang paligid ng sinasabi ninyong daanan ng trak ng kaaway?” interesadong pagtatanong ni Ka Rico kina Ka Juan at Ka Totoy.

“Ay oo naman, kasama!” ang mabilis na tugon ni Ka Totoy. “pero libre ako bago mag-alas syete o sa tanghali kasi may talok pa kami e,” dagdag pa nya.

“Ayos lang ho, ganito na lang muna, magbalik muna kami sa mga kasama para mapag-usapan namin ang inyong ulat at ideya. Pero magpapaabot po kami agad,” banggit ni Ka Jon bago tuluyang umalis ang mga kasama.

Nagmamadaling bumalik ang dalawang kasama sa kanilang tim. Kagyat silang nag-ulat kay Ka Sulo.

“Aba, ayos yan! Baka dyan na tayo makakabira. Handa tayo, lipat tayo ng pakat mamayang gabi!” *excited* na tugon ni Ka Sulo.

Mabilis na naghanda ang buong tim. *Excited* ang buong tim dahil mukhang makakabira na sila. Bago magliwanag ay nakapagpamilyarisa na sina Ka Sulo at Ka Totoy sa paligid.

“O, Ka Totoy, ikaw na ho ang bahalang maging mata at tenga namin, ha. Basta alisto tayo lagi, wag kakalimutan ang ating *password* na inayos,” pagbibilin ni Ka Sulo sa masa.

“Aba syempre naman, kasama! Maasahan nyo ako d’yan! Ito na ang pinakahihintay naming hustisya sa ginagawa nilang panliligalig sa amin!” masayang tugon ni Ka Totoy bago umalis sa mga kasama para magtrabaho sa bukid.

Lumipas ang tatlong araw, wala pang nadaan sa pakat. Isang umaga, napansin ng tim na may *drone* na lumilipad at nakadikit sa kanilang pakatan.

“O, alerto tayo. Hindi natin alam bakit may *drone*, wala pang ulat ang mga masa,” pag-aalerto ni Ka Sulo sa kanyang tim. Matapos ang *drone operation*, nagpasya ang tim na lumipat para makasiguro. May pagtaya ang tim na posibleng may operasyon sa baryo dahil mainit ang lugar sa panahon ng eleksyon. Nagpatulong muli ang kanilang tim sa masa.

Pagkarating sa pakatan, kagyat na nagpamilyarisa sa paligid ang buong tim at nagpakat ng CDX[2]. Nag-*briefing* ang tim ng depensa at

---

2 *command detonated explosive*

nagtakda ng AOR[3] sa bantayan ng bawat elemento.  Unang araw ng tim sa pakatan, patanghali na ay wala pang nadaan. Matyagang pumakat ang tim. Maya-maya, biglang may natanaw ang tim na paparating na sasakyan, mabagal ang takbo nito.

"Handa kayo!  Handa kayo!  Mukhang sasakyan ng kaaway ang paparating," pagpapaalerto ni Ka Sulo sa kanilang tim.

Nakatudla na ang tim—naghihintay na lamang ng *signal fire*. Pagtapat sa *killing zone* ng isang *back-to-back* na puno ng laman ay hindi ito mabibira dahil may masang naglalakad sa kalsada.

"Walang magpapaputok, may masa! May masa!" pagpigil ni Ka Sulo sa kanyang mga kasama.

Makakalampas ang sasakyan ng kaaway.

"Sayang!" wika ni Ka Jon na hinayang na hinayang dahil nakalampas ang kaaway.

"Wag kayong mag-alala, kapag bumalik yan ay bibirahin natin," banggit ni Ka Sulo para hindi mawalan ng pag-asa ang kanyang mga kasama sa tim.

Maya-maya pa, natanaw nilang pabalik na ang sasakyan ng kaaway pero lima na lang ang sakay nito—kung saan dalawa ang nakaharap sa kanilang pakat.

"*Adjust* tayo paunahan! Mukhang nagbaba yan paglampas sa atin!" kumand ni Ka Sulo.

Dali-daling inimis ng tim ang nakapakat na bomba at sa loob ng walang limang minuto ay nakapagmaniobra paagwat sa taya nilang pinagbabaan ng ilang kaaway na sakay ng dumaang *back-to-back.*

"O, handa na kayo, mga kasama. Papalapit na papalapit na! Pasa-handa!" kumand ni Ka Sulo.

---

*3 area of responsibility*



Nakatudla na ang lahat ng mga kasama, buo ang kumpyansa dahil napamilyarisa na nila ang paligid.  Dahan-dahan ang takbo ng sasakyan nang tumapat sa *killing zone.*

"Pak! pak....pak...pak!!!"

Naparalisa nina Ka Sulo ang *driver* na kaaway at napatigil ang sasakyan.

Sa loob ng halos limang minutong labanan ay hindi nakaganti ni isang putok ang pasistang kaaway at ligtas na nakaatras ang buong tim. Tumagal pa bago nagpaputok ang mga kaaway na sa taya ng tim ay mga reimporsment na ibinaba sa unahan ng pinaglabanan.

Sa pag-atras, napadaan ang tim sa bahay ng isang masa.

Nakangiti silang sinalubong ni Tatay Berto, “Aba, mga kasama, mukhang nakaiskor tayo, ah! Kumain na ba kayo? Tiyak napagod kayo. Kain muna!”

Masayang pinaunlakan nina Ka Sulo ang alok ng masa. “Salamat, ‘tay!  Ang ginawa namin ay bahagi ng pagsisikap ng mga kasama na maggawad ng hustisya laban sa mga kaaway na nanliligalig dito sa inyong baryo,” pagpapaliwanag ni Ka Sulo sa layunin ng aksyong militar na kanilang ginawa.

“Alam ko naman iyon mga kasama, masaya ako na nakakaganti tayo sa kaaway! Tiyak kami na naman ang pagbabalingan pero handa na kami, ngayon pa na nandito na ulit kayo sa bayan namin! Malakas na ulit ang loob namin!” pagbibida ni Ka Berto.

“Opo, ‘tay!  Sisikapin namin na makapagpalawak pa at maparusahan ang mga kaaway natin sa iba pang mga lugar para hindi kayo ang mapokusan ng mga berdugong ‘yan!” banggit ni Ka Rico sa masa.

Matapos ang ilang oras na pakikipagkwentuhan sa masa ay nagpaalam na sina Ka Sulo.  Nagpaalam na si Ka Jon, “O, paano ‘tay, alis po muna kami.  Basta po magpapaabot kayo sa mga pasa-bilis natin anuman ang maging reaksyon ng kaaway.  Nandito lang ang mga kasama, katuwang kayong mga masa, lagi kaming handang humarap sa kaaway at maggawad ng hustisya!” D

# Kung AFP perwisyo, 'pag NPA serbisyo

NI KA ARVHY

Hindi na tumigil ang operasyon ng berdugong sundalo kahit pa idineklara nila sa buong probinsya na "wala nang NPA". Katatapos lang ng Mahal na Araw pero tila nagpepenitensya pa rin ang taumbaryo dahil sa presensya ng militar sa mga sityo. Iniinteroga sila kahit saan, pinagkakampuhan ang bahay-nayon at sapilitang pinapasuko.

Sa umpukan ng nagpapahingang mga magsasaka na kakaretiro lamang galing sa kanilang suyuan, makikita ang isang matandang babae na makisig pang tumindig, si Nanay Ester. Sa edad niyang 72, kaya pa niya ang mga gawain sa bukid, isa din siya sa ininteroga ng mga pasista.

Nagkabahaginan ang magkakapitbahay ng kanilang mga reklamo hinggil sa pamemeste ng mga militar kahit pa sa kasagsagan ng pangingilin. Ramdam sa bitiw ng salita at lalim ng mga buntong-hininga ang pagkasuklam ng umpukan sa pasistang sundalo dahil danas nila mismo ang iba't ibang istilo ng panggigipit at pananakot. Pilit silang pinaamin na sila ay tumatangkilik sa Bagong Hukbong Bayan. Ngunit bawat isa sa kanila ay may kani-kanyang bersyon ng pangangatwiran sa mga berdugo.

"Paulit-ulit ang sundalo sa pagtatanong. Sa inis ko, sinabi kong, ay ser kung kayo'y di maniniwala sa 'kin ay umalis na laang kayo. Nagbabakod ako dito at ako'y ginugulo n'yo!" kwento ng isang ginang habang iminumuwestra pa ang kanyang pamamaraan ng pagpapaalis sa sundalo.

"Ay naku. Lagi kong sinasabi sa mga intel na pumupunta sa amin, ser ito ay daan. Ay di kahit sino pwedeng dumaan. 'Di naman ako nagtatanong sa kanila kung sino sila," ani Nanay Ester.

"Nung minsan madaling araw pumunta sa bahay, naku! Mga de-baril pa, ay pinapasok ko sa balkon namin. Inaaya ko pang magkape. Aba ay ayaw, sabihan ko nga—mga bwisit kayo, ayaw nyong magsipasok! Naiinis na ako




kasi ilang yaya ko na sa kanila ay ayaw naman," nakapamewang pa si Nanay Ester habang nagkukwento.

"Pinapunta nga kami sa kampo nung magdami ang sundalo dito sa atin. Ilang oras kaming nakatayo lang doon dahil isa-isa kaming kinakausap," inis na wika ng isa pa.

"Nung may pa-*meeting* sa bayan yung pinakamataas na sundalo daw yun sa probinsya, sabi, tatlo nalang ang NPA at babae pa raw. Nagsabi nga ako, ser sino kaya ang lumahi at parang mabilis namang dumami?" sabay tawanan ng magkakapitbahay.

"'Kow 70's pa sinasabing uubusin daw ang mga kasama eh anong petsa na, mga NPA pa rin hanap ng mga loko-lokong yan," sabat ng isang babaeng inilabas ang kapeng itinimpla.

Hindi halos maubos ang kwento sa buong umpukan. Sa kabila ng panliligalig na dinaranas mula sa AFP, nakukuha itong tapatan ng tapang at talino ng masa na katuwang at pinaglilingkuran ng BHB.

Maya-maya pa...

"Hapon na, uuwi na ako't magbabahog pa ng baboy," pamamaalam ni Nanay Ester sa mga kapitbahay at gumayak na.

Habang naglalakad isip-isip ni Nanay Ester, *Kung wala ang mga kasama mas magulo pa malamang ang aming baryo—pagnanakaw, sugal at kung anu-ano pa ang tiyak na lalaganap.*

Nasaksihan nina Nanay Ester ang pasakit na dala ng mga magnanakaw ng kalabaw sa kanilang baryo. Kahit sa kanilang haligi na nakatali ay nawawala pa rin. Tanging Bagong Hukbong Bayan lamang ang nakapagresolba sa malaking problemang ito ng mga magsasaka. Huwag nang isali ang pag-aayos ng problema ng magkakahangganang lupa, mag-asawa, kahit pa nga mga pasaway na mag-iinom sa baryo, at marami pang ibang niresolba at naisaayos ng mga kasama. Natuto rin ang samahan sa lokal kung paano resolbahin ang maliliit na mga usapin sa pagitan ng mga magkababaryo sa gabay ng mga kasama.

Pagkauwi sa bahay...


"'Nay, nagpapakumusta daw ho si Arian," bungad ni Nitoy, ang bunsong anak ni Nanay Ester.

"Ay bunso, paki-*type* mo naman at i-*text* si Arian, sabihin mo na patuloy ang suyuan natin dito. May ilang mga bagong kasapi na rin. At kamo kamakailan ay nanggugulo pa rin ang mga damuho pero tulad dati wala pa ring magawa sa atin. Bago ko makalimutan, kamo ay kumusta ang mga napapultaym natin?" pakisuyo ni Nanay Ester kay Nitoy.

"Baka may dagdag pa kayo, 'nay?," sambit ni Nitoy habang nagpapahid sa kanyang selpon.

"Ah, kamo ay nasasabik tayong makita ulit sila, malago na kamo ang damo nung bundok inaantay sila para mahawan ulit," biro pa ng matanda.

*May 5, 2025*



# Sanaysay

# Mga alitaptap sa ilalim ng bituin

ISANG KWENTO NG EMERGENCY SIDE-STEP NI KA CHARLIE

Ang hirap maging petiburges, pero mas mahirap maging magsasaka. Araw-araw kang pinagsasamantalahan hanggang pati ang mga anak at apo mo ay masasanay na sa mapang-aping sistema. Ngayong andito sa larangan, nasusubok ang katatagan. Kung minsan pa nga ay nagmumula ang mga kontradiksyon sa mga maliliit na kimkim na nagpapatung-patong. Minsan ay nami-*miss* ko rin ang *coke* at *fried chicken* na madali lang makuha sa lungsod. Nayayamot sa palagiang paglipat, paglakad—madaling napapagod. Pero kung iisipin, wala pa ito sa kalingkingan ng dinaranas ng masang anakpawis, na kung hindi gagayak at magpapagod ay walang makakain—na kung hindi magrerebolusyon ay hindi aalwan ang buhay.

Isang beses, matapos ang isang linggong sunud-sunod na lakaran, guminhawa ang pakiramdam ko nang pagpasyahang manatili ng isa pang araw sa aming kasalukuyang himpilan. Magkaka-panahon para saglitang makahinga at pahinga. Makakapagpatuyo pa ng mga sinampay. Trenta minutos lang ang lumipas ng inanunsyo na kailangang lumipat muli ng pwesto dahil nag-iba ang sitwasyon.

Madilim, mahirap magbilis ng kilos. Napabuntong-hininga ako habang naghahanda. Napaisip na, *diyos ko naman at nabati pa nga ang maagang pahinga!*

Sa totoo pa nga ay sumisigaw na ako sa aking isip ng mga di kanais-nais na salita at sinusumpa ko na ang dilim, ang mahirap na daan, pati na ang kaaway na siyang dahilan kung bakit kailangang humarap sa mga masalimuot na sitwasyong tulad nito. Kung bakit madudulas at matatalisod na naman ako ng maraming beses sa masukal at matamak na daanan. Pero wala namang magagawa dahil kailangan ito para hindi makahon ng kaaway, para makapagpatuloy pa sa rebolusyon.

Sa aming paglalakad, mapapadaan kami sa isang bukirin, na sa gitna ay may malaking puno, na punong-puno ng mga nagsisikutitap na mga alitaptap, na aakalain mo'y pasko dahil mistula itong *christmas tree* sa




liwanag. Habang singliwanag rin nito ang langit na napuno rin ng mga bituin. Unang beses kong makakakita ng ganito, unang beses ko rin sa kanayunan. Sa madaling saglit na ito ay mapapangiti ako, at sa simpleng tanawing ito ay aalwan ang pakiramdam ko kahit na alam kong malayo pa ang lalakbayin, kahit na posibleng madulas na naman ako ng maraming beses.

Ako'y mapapatanong rin, *may panahon kaya ang mga magsasaka na masdan ang ganitong mga tanawin bago silang magsimulang mag-araro't magtanim?*

Ang hirap nga maging petiburges. Kahit na mabilis gumagap sa teorya, kahit na mabilis makaunawa at makaintindi sa pangangailangang magrebolusyon, mahirap panghawakan ang komitment lalo sa gitna ng krisis, malaki man o maliit. Ang daling mahatak ng pinagmulang uri, ang bilis makaisip ng pag-alis para makabalik sa nakagisnang kaginhawaan.

Pero ang tiyak, may kaparaanan para hindi makulong sa pagiging petiburges. Nariyan ang mga kasama para maging kasangga, para tumulong na ibalik tayo sa ating rebolusyonaryong layunin. Para ating makamit ang ating rebolusyonaryong hangarin.

Para ang mga magsasaka'y may sapat na lupa at hindi nag-aalala kung makakakain ba ang kanyang pamilya ngayong araw.

Para ang mga manggagawa'y may panahon na para sa kanilang mga anak at asawa.

Para ang mga kababaihan ay hindi na matakot umuwi mag-isa dahil pantay na ang pagkilala sa lahat ng kasarian.

Para ang mga LGBTQ+ ay hindi na kailangang magkubli ng kanilang sarili.

Para ang mga kabataan ay tunay na matamasa ang edukasyong mapagpalaya.

Nandito tayo ngayon, araw-araw na pinagtitibay ang pagkakaisang tayo'y nagsusulong at lumalahok sa masalimuot at matagalang digma para pawiin ang pang-aapi't pagsasamantala.

Ang normal sa hukbo ay ang abnormal sa karamihan. Pero siguro kung ikukumpara, ang pagod ng hukbo sa arawan ay walang binatbat sa hirap na dinaranas at daranasin ng masang hindi namumulat na sila'y pinagsasamantalahan, na kaya pala nilang armasan ang sarili na kaparehas ng armas at ng kaalaman para palayain ang mga sarili nila.

Sa aming palagiang paglalakbay, ito'y nasa layuning abutin at pagkaisahin ang pinaka-marami. Sa diwa ng ating kilusang pagwawasto, maging mapangahas na kilalanin ang masang pinapalaya. Kasamahin sila sa pag-ugat at pagresolba ng mga suliraning panlipunan. Pabagsakin ang sistemang bulok sa hakbang-hakbang nating pagpapalakas ng rebolusyonaryong kilusan ng mamamayan. Sa bawat masang ating makakadaupang palad at makokonsolida, tiyak na mapapabilis natin ang pagkamit ng tagumpay ng ating digmang bayan. D

*16 July 2025*

# Bakit ako lumalaban?

Lumaki ako sa kalunsuran, sa mga kalyeng puno ng ingay at kaguluhan pero busog sa pangarap.  Doon ko unang nakita kung gaano kahigpit ang kapit ng kahirapan, at kung gaano kaingat ang estado sa pagtago ng ugat nito.

Sa harap ng mga ilaw ng syudad, palaging may anino ng mga manggagawang walang katiyakan. Isa na roon si Tatay, isang manggagawa, pagod pero hindi ko kailanman narinig na nagreklamo. Siya ang unang bayaning nakilala ko, dahil hanggang sa kanyang huling hininga ay bitbit niya ang kagustuhang maging komportable ang pamumuhay ng pamilya at mapagtapos ang mga anak sa pag-aaral.

Maaga akong namulat sa kabulukan ng lipunan.  Sa mura kong edad, nakilala ko ang salitang korapsyon hindi mula sa libro kundi mula sa balitang naririnig nang pumutok ang isyu ng Pork Barrel.  Noong una'y hindi ko lubos maunawaan kung bakit galit ang sambayanan, pero sino nga naman ang hindi magagalit kung ang iilan ay nagbibilang ng milyong piso habang ang mga Pilipino ay nagbibilang naman ng huling butil ng bigas na ihahain sa hapag.

Lumipas ang mga taon, at dumating ang panahon ng pamumunong binalot ng takot at pasismo.  Sa mga lansangang nakapalibot sa akin, pinatay ang mga inosente sa ngalan ng giyera kontra droga. Naging "normal" at hindi na bago sa pandinig ang putok ng mga baril na pinapakawalan ng mga pulis.

Mula elementarya, natutuhan kong gamitin ang pagsusulat bilang sandata. Sa pahayagan ng paaralan ko unang inirehistro ang galit sa estado. Tahimik at nagtago sa iba't ibang alyas dala ang kagustuhang maisiwalat ang dungis ng sistemang umiiral.  Subalit sa bawat artikulong inililimbag ay alam kong may mga matang nagmamatyag. Ngunit hindi nagtagal ay naging masikip ang mga pahina at hindi naging sapat ang

tinta. Kinailangan lumabas sa espasyo ng mga salita at harapin ang kongkretong realidad ng lipunan.

Kaya hindi ako dinalaw ng pagdadalawang-isip nang makapasa ako sa pamantasang nangangako ng libre at dekalidad na edukasyon. Alam kong higit akong matututo dito at malaya sa porma ng pakikibakang una kong nakilala. Malinaw ang kagustuhan ko noon na magbahagi sa pahayagan at publikasyon, ngunit tila iba ang daan na nakalaan sa akin para sa kilusang kabataan.

Bitbit ang tiwala ng mga kapwa ko mag-aaral, ubos-lakas akong nanguna sa mga gawaing naglalayong maipakilala ang tunay na anyo ng lipunan sa mas malawak na hanay ng mga mag-aaral. Nangasiwa sa mga kaganapang naglalayong mapaingay ang mga kampanyang dikit sa edukasyon hanggang lubusang mapagtanto na hindi hiwalay ang laban ng mga mag-aaral sa laban ng masa sa labas ng pamantasan. Naitahi ang krisis ng pamantasan sa krisis ng lipunan.

Magmula noon ay nagsimula akong magpakahusay sa mga teorya, nag-aral, hanggang sa nakilala ang kilusang kabataang tinatanganan ang mas mabigat na responsibilidad sa lipunan sa pagpapaunawa ng armadong tunggalian. Ang tahimik kong porma ng pakikibaka magmula pagkabata ay dinala ako sa posisyon ng higit na pagkilala sa lipunan.

Nang lumapit sa akin ang isang kasama at ipinakilala sa akin ang Kabataang Makabayan at sinabing handa na ako na maging bahagi nito, aaminin kong takot ang una kong naramdaman. Pamilya ang unang pumasok sa isipan ko. May kapatid ako na pwersa ng estado at halos lahat ng aking kamag-anak ay pinag-iingat ako sa mga pangkat na aking sasalihan.

Wala akong naisagot, pero hindi ako humindi. Nanghingi ako ng panahon para makapag-isip at sa mga gabing iyon ay kinailangan ko gumawa ng isang desisyon na alam kong makakaapekto sa aking linya ng pagkilos. Sabi ng isip at ng pagal na katawan ay huwag nang kumuha ng mas mabigat na tungkulin, ngunit sabi ng puso ay wala akong ibang daang tatahakin kundi ito rin lalo na sa kasalukuyang porma ng lipunan. Pero sa




iisang bagay nagkasundo ang dalawang elemento: hindi ko nais huminto sa pagbibigay serbisyo.

Ang landas ng armadong pakikibaka ay hindi ko kailanman maiiwasan, dahil kung ang mismong estado ang gumagawa ng pang-aabuso, ano pa ang pipigil sa akin para gawing organisado ang pagtanaw ko sa lipunan?

Nang muli akong tanungin, ibinigay ko ang aking sagot. Sa puntong ito, walang pagdadalawang-isip: oo. At marahil, isa ito sa mga desisyon na hindi ko kailanman pagsisisihan.

Naging bahagi ako ng Kabataang Makabayan, at doon ko mas lalong nakilala ang sarili— hindi lamang bilang isang mag-aaral, kundi isang rebolusyonaryo. Higit na nagpalalim at kinilala ang lipunan, kasaysayan ng pang-aabuso at kung paanong nanatili sa kamay ng iilan ang mga rekursong masa dapat ang nakikinabang.

Iniigpawan ko ang mga kontradiksyon sa tulong ng mga kasama. Napagtanto kong hindi hiwalay ang sarili at pamilya sa masang aking pinaglilingkuran. Katulad ng iba, biktima rin kami ng estadong pasista at makasarili. Hindi ko man lubos na mapaunawa sa lahat ang linya na aking tinatanganan, alam kong darating ang punto na maintindihan din nila na tanging pambansang demokratikong rebolusyon lamang ang tunay na magpapalaya sa bayan.

Maluwag sa hininga akong kumilos bitbit ang pakikibakang alam kong makatarungan. Sa tuwing dinadalaw ng kontradiksyon ay palagi kong binabalikan ang mga pagkilos na aking ginawa bilang bahagi ng kilusang kabataan.

Pinakamatingkad sa mga ito ang pagsama ko sa isang probinsya para bawiin sa kamay ng mga militar ang labi ng isang kasamang nasawi sa isang engkwentro. Nasa patag na semento ang mga paa ngunit sa puntong ito ay higit kong nauunawaan kung ano ang nagtutulak sa mga mamamayan na tahakin ang daang hindi pangkaraniwan at mag-aklas laban sa estado. Kung ninakawan ka ng lupa, tinutukan ng baril, at pinagbabantaan, wala kang ibang dapat itugon kundi armadong paglaban.

Umuwi ako sa lungsod na busog sa karanasan at higit na napataas ang respeto sa mga kasamahang tumahak ng pinakamataas na porma ng pakikibaka para sa tunay na paglaya ng sambayanan.

Ngayon, patuloy akong nag-aaral at kumikilos. Nagpapatuloy ang rebolusyon at hindi kailanman natatapos ang digma para mamuhay nang

may dangal.  Patuloy kong binibitbit sa bawat espasyong aking kinikulusan ang kagustuhang maipaliwanag ang armadong pakikibaka tungo sa pagtatayo ng sosyalistang lipunang tunay na nagsisilbi sa masang anakpawis.

Batid ko sa aking sarili na hindi ako perpektong rebolusyunaryong kabataan, ngunit hanggang gising ang diwa ay patuloy akong sasandig at magsisilbi sa masang binubusabos.

At sa tuwing tatanungin ako kung bakit ako patuloy na lumalaban, palagi akong ngingiti at sasabihing patuloy na babaguhin ng mga kabataang makabayan ang lipunang mapang-api at mapagsamantala. Hindi kailanman mamamatay ang rebolusyonaryong kilusang kabataan na nagnanais ng ganap na paglaya. Patuloy tayong magpupukaw, mag-oorganisa, at magpapakilos. D



BREYK
*watercolor*
Ka Agape

# A glimpse of the countryside

NI KA BARRY ASEDILLO

Tawagin niyo nalang akong Ka Barry, may anim na anak na nasa mga tamang gulang na.  Isa akong organisador sa lungsod.  Naimbitahan kami sa aming sektor na pumunta sa *countryside*.  Isa ako sa nabigyan ng pagkakataon para sa isang *exposure* sa *countryside*.  Oo, sa *golden age* kong ito, nag-*volunteer* ako as *"I always love living on the edge of danger".*  Hindi lang 'yon ang gusto ko.  Ang mayor na dahilan, gusto kong maranasan paano mamuhay bilang hukbo ng masang api.  Gusto ko ring matutunan paano ang pag-oorganisa sa batayang masa — mga katutubo, mga magsasaka.  Di nagtagal, dumating ang natatanging oportunidad.

Sa pagpunta pa lang, dadaan na sa butas ng karayom. Hindi lamang sa anong gamit ang dapat mong dadalhin, ang pagtiyak sa seguridad, kundi lalo sa lahat kailangan mong maging handa sa pisikal, mental at emosyonal.

Unang sabak pa lang, tinawid ko na ang lampas beywang na ilog patungo sa isang masukal na gubat na halos walang nakikita kundi anino ng gumagabay sa amin.  Sa maulan at madilim na gabi, bumaba kami sa matarik, madulas at madamong daanan kung saan ako ay nadulas. Walang tigil sa kalalakad, habang binaybay ang mga daang paahon at pababa, mababatong ilog, nilundag ang mga bakod, tinawid ang mga tulay (at nahulog!) habang mabilis at tahimik na naglalakad na parang may humahabol.  Iminungkahi kong magpahinga dahil pinupulikat na ang aking mga paa.  Sa lilim ng puno, kami ay sumilong, basang-basa sa ulan. 'Di kalaunan narating namin ang kampuhan pagkatapos ng halos limang oras na paglalakad. Masaya kaming binati ng mga kasamang gising pa. Tinanggihan ko na ang maghapunan dahil sa pagod. Pinalitan ko lang ang basang damit, nag-ayos ng duyan at naidlip dahil lantang-lanta na ang aking katawang lupa.

Kinabukasan, pagkagising ko ay may kape na sa aking lagayan at badyet sa agahan. Isang maliit na tuyo at konting itlog ang ulam namin.

Napakainit ng kanilang pagtanggap sa amin at nagpakilanlan sa bawat isa.  Ang babata pa ng iba sa kanila na kadalasan ay galing sa uring petiburges, may nasa panggitna at mayamang magsasaka, at may katutubo. Iba-ibang uring pinanggalingan na nagkakaisa para sa iisang hangarin.  Nagdaos sila ng isang pangkulturang pag-*welcome* sa akin at sa aking kasama. Napakagaling ng kanilang mga tula at awiting handog sa amin.

Paglingon ko sa likuran, nakita ko ang PO *(Political Officer)* na tinatahi ang aking napunit na pantalon dahil sa palagiang pagkadulas.  Nasa isip ko, "Ganito pala sila mag-alaga ng bisita, pati punit mong pantalon ay tinatahi."

Sobra ko itong ikinalugod at nagpasalamat na rin.  Sa katunayan, dinala ko talaga ang pantalon pabalik bilang alaala na minsan, may isang kasamang nagtahi ng punit kong pantalon.  Kinagabihan, isang kasama naman ang nag-*hot compress* sa aking mala-ubeng pasa sa kaliwang hita.

Dahil isang *mobile* yunit ang aking napakatan, kailangan uli naming lumipat ng kampuhan at mag-organisa ng masa.  Inihanda ko uli ang aking sarili sa mahabang lakaran sa madilim na gabi.

Nakita ko kung paano minahal ng masa ang mga hukbo. Pagdating namin sa kanilang bahay, masayang sumalubong si Tatay, nakapaghanda na ng kape, nagsaing na ng marami at may *bonus* pa. Nagkatay siya ng manok.  Syempre, nagpakilala kami sa kanya at hindi nawawala ang propagandang pampulitika sa loob ng mga kwentuhan.

Pagkatapos ng ilang oras, nagpaalam na kami kay Tatay at lumipat uli sa isang bahay.  Inabot na kami ng madaling araw sa paglalakad.  Paano ba naman, hirap akong bumaba sa isang parte ng matarik at madulas na dinaanan namin.  Naiwan ko pa ang isa kong sapatos sa malalim na putik kaya naglakad akong nakapaa ang isa.  Nakakahiya man isipin ang aking kabagalan, ang mga kasamang hukbo ay buong pusong umalalay sa akin.

Sa labas ng bahay na kami naglagay ng mga duyan namin. Dito kami ng aking kasama nagsanay ng "pagtudla", siyam na tipo ng paghawak ng baril. Dahil tatlong gabi kaming nanatili doon, naranasan ko ring maligo sa bukal sa may di kalayuan. Sa paglipat uli namin ng kampo, nag-*training* uli kami. Ang Commanding Officer na ang nagturo ng tatlong uri ng paggapang hawak ang baril. Napansin ko lang, sa kabila ng laging pag-iingat, pagiging alerto at kakulangan sa ibang rekurso, di nawawala ang araw-araw na pulong at *briefing*. Lagi ding mayroong pag-aaral, ito ang tinatawag nilang "Kolektibong Basa, Kolektibong Talakayan". Maliban dito, may "Balitaan", "Kapehan" at mga ED araw-araw. Kaya di nakapagtatakang naitataas nila ang kanilang pang-ideolohiyang kamulatan.

Sa isang masa na aming napuntahan, nakaka "*high morale*" ang sinabi ni Kuya, "Salamat at may NPA akong nakita, may isusumbong ako sa inyo."

Sila pala ay biktima ng pang-aagaw ng lupa ng isang mayaman at maimpluwensyang tao sa lugar na iyon.  Naidulog na nila ang problema sa mga awtoridad subalit walang aksyon.  Nang may nakita silang Hukbo, nabuhayan sila ng loob.  Nagpapatunay na tama ang isinusulong na agraryong rebolusyon para sa magsasaka at katutubo sa kanayunan.

Kinabukasan, nagmadali kaming umalis sa lugar na 'yon dahil may nakitang kaaway ayon sa ulat ng masa. Naglalakad kami sa umaga, kaya tumigil kami sa isang lugar at gumawa ng "*camouflage*." Nagtuloy kami sa paglalakad... sa mga ilog, sa paglundag sa mga bakod at ilang bundok hanggang makarating muli sa bahay ng masa. Dun muli tumigil ng dalawang gabi sa labas ng kubo at kinabukasan ay lumipat uli. Ganun naman lagi ang ginagawa, alas-kwatro ng madaling araw ay dapat gising na ang lahat at naka*pack-up*, salítang nagbabantay ang mga kasama sa buong araw o tinatawag na "nagtataliba", may nakatoka sa pagluluto, pag-iigib, pag-sarbey ng lilipatang pwesto, pagtitiyak sa masang kakausapin, tumutulong sa produksyon ng masa at syempre hindi nawawala ang pag-aaral.  Napakapayak na pamumuhay malayo sa kinagisnan ng mga kabataan na ang tanging problema ay pag-*upgrade* ng mga *cellphones* at pag-*change* ng *profile*.

Subalit sa gitna ng simpleng pamumuhay na 'yon ay ang mapanlabang diwa na nagbibigay pag-asa para sa lahat ng pinagsamantalahan. Sa gitna ng mga bantang panganib na sinusuong buhay man ay ialay, may sangkatauhan na mapapalaya sa kamay ng mga ganid at pasista.

Isang araw pagkatapos naming maglipat uli ng pwesto, kinausap ako ng mga kasama. Medyo masakit pa ang aking ulo at inaantok gawa ng di ako nakatulog noong gabing 'yon dahil magdamag akong kinagat ng mga langgam na tinatawag nilang "hakòt".

Obligadong tapusin nang maaga ang *exposure program* namin gawa ng operasyon ng kaaway. Lagi kaming naka-*red alert* at may mga *drones*. Kailangan na naming lumabas habang maluwag pa. Nalungkot ako at namalayan na lang na may mainit na tubig na umaagos sa aking mata. Napaluha ako. Sa maiksing panahon ng aming pagsasama, naging bahagi na sila ng aking buhay pakikibaka. At di ko alam kung magkikita-kita pa kami. May kirot sa dibdib akong naramdaman. Oo, totoo, nangamba rin ako para sa aking kaligtasan. Minsan, sa gitna ng gabi habang nakahiga sa duyan, naitanong ko rin sa sarili, "Makakauwi kaya ako nang buhay?"

Pero ang isipin na mapahiwalay na ako sa kanila ay napaka-emosyonal. Ganito pala ang pakiramdam. Gaano pa kaya kung may kasamahan silang mahuli o mamartir? Ilang sandali, nag-aayos na kami ng mga gamit ng kasama ko, iniwan na namin ang iba sa yunit. Kasama ang buong tropa, inihabilin kami sa isang masa na maghahatid sa amin palabas. Malungkot na paghihiwalay at pasasalamat ang tangi naming nasambit, pati ang pag-asa na sana magkita-kita kaming muli.

Hindi man namin natapos ang tagal ng *program* dahil sa mga sirkumstansya, baon naman namin ang napakayamang karanasan na magiging gabay at inspirasyon namin sa kalunsuran. Ang dami kong realisasyon sa aking sarili. Silang mga Hukbo na salat sa mga rekurso, walang ilaw, sira ang *tablet* na siyang tanging gamit ay nakapaglulunsad pa ng pag-aaral, paano na lang tayo sa lungsod na may maayos na *laptop, projector* at ilaw?

Silang mga Hukbo na naglalakad lang sa madilim at masukal na bundok, tinutugis ng kaaway araw-araw, ay nakapag-oorganisa ng masa, paano na lang sa lungsod na may sari-saring transportasyon na pwedeng sakyan?

Silang mga Hukbo na tuyo at gulay lang ang ulam ay masayang nagpupulong at maayos na gumagampan ng gawain sa araw-araw, paano na kaya sa lungsod na may mga pagkain at maginhawang bahay na natutuluyan?

Tama ang sinabi ni Kasamang Mao, "ANG REBOLUSYON AY HINDI ISANG PIGING."

Ito ay may marahas at mapanghamong kalikasan na nangangailangan ng makabuluhang tunggalian at pakikibaka.

Ang ating lipunan ay puno ng hindi pagkakapantay-pantay, katiwalian, at kawalang-katarungan. Nabigo tayo sa mga pinuno at ang kasalukuyang sistema ay idinisenyo upang apihin ang marami para sa kapakinabangan ng iilan.

Kaya narito ang ating Hukbong bayan, isang malaking pader na humahadlang sa pambubusabos ng estado sa mga ordinaryong mamamayan. Gaano man kabigat ang laban, sila ay mananatiling tagapagtanggol ng masang api, tagapagtanggol ng pampublikong interes at kinagigiliwan ng mamamayan.

Sila ay narito upang ipagtanggol ang ating karapatan na magkaroon ng *access* sa mga pangunahing pangangailangan, kung saan ang katarungan ay mananaig at ang tinig ng mga walang boses ay maririnig.

Makiisa tayo sa kanila. Tumangan tayo ng armas. Magmartsa tayo pasulong, bilang isang kolektibong pwersa na humihiling ng pagbabago na nararapat sa atin. Bumuo tayo ng isang kinabukasan kung saan ang ating mga anak ay maaaring magmana ng isang lipunan ng kalayaan, pagkakapantay-pantay at pagkakataon. Ipaglaban at ipanalo natin ang pambansang demokratikong rebolusyon na may sosyalistang perspektiba. D




*ink*
Ka Solana

# Tanglaw sa dilim ng digma

NI KA LINA

Sa pagtagal sa digmang bayan, hindi maiiwasan ang mga kakaharaping sakripisyo, kahirapan, at krisis.

"'Yan pa lang ang nararanasan mong krisis, eh susuko ka na? Paano kaya kung mas mabigat pa d'yan ang maranasan mo, baka 'di mo na kayanin at bumaba ka nga?... Kaya mo bang kalimutan at pabayaan ang masa—ang dahilan kung bakit ka nag-Hukbo? Nagrebolusyon?"

Ito ang sinabi sa akin ng isang kasama, sa layuning alalayan ako sa kinakaharap ko noong krisis. Sinabi niya ito sa akin habang ako ay walang-puknat sa pag-iyak at nagsasabing "gusto ko nang umuwi" sa unang pagkakataon simula noong mag-pultaym ako. Kakagaling ko noon sa pakikipagtunggali sa isang kasama.

Sa mga susunod na araw at linggo, mawawalan ako ng gana sa pagkilos, magiging mekanikal ang paggampan ko sa gawain at bababa ang aking inisyatiba—kung ano lamang ang atas sa akin ay iyon lamang ang tutupdin ko. Bibitiwan ko rin ang aking mga responsibilidad hanggang sa tumanggi na nga ako sa ilang atas. Karugsong noo'y lilitaw ang pag-iisip kong hindi na ako mahalaga sa rebolusyon at maigi na lamang na ako ay umuwi.

Sa kabilang banda, maagap akong naalalayan at nagabayan ng mga kasama dahil natutunan ko rin naman sa mga kanila na magbukas ng aking mga isipin bilang bahagi ng kolektibong pamumuhay sa kilusan—isang aral na natutunan ko sa maagang bahagi ko sa Hukbo. Hindi nila ako sinukuan at hinayaan na lamang malugmok sa aking krisis.

Inilipat nila ako sa ibang gawain at muling nag-aral ng teorya ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Kaakibat nito'y kinakausap rin ako ng mga kasama upang tulungan akong i-*objectify* ang mga nangyari at huwag malulong sa mga suhetibo kong pananaw sa mga kasama. Matalas din nilang tinukoy ang aking mga naging kahinaan. Sa

pamamagitan nito, napagtanto ko noong may kahinaan din ako, na hindi ko mapagpasyang hinarap at sa halip ay gusto ko na lamang itong takasan.

Naging suhetibo na ako noon at arogante.  Naging mapagmataas ako at hindi maluwag na tinanggap ang naging puna sa akin ng kasama at sa halip ay mas binigyang-bigat ko ang paraan ng pagpapaabot ng puna bilang ganting puna sa kasama.  Hindi ko na napanghawakan ang prinsipyadong pakikitunggali—ang pakikipagtunggaling nakabatay ang wastong ideya sa kung ano ang interes at makabubuti sa rebolusyon at sa masa.  Bagkus ay naging makasarili ako, at tinuring na personal ang tunggalian.

“Kailangan mo talagang mapagpasyang igpawan, basagin iyang arogansya mo. Magiging pabigat-na-bato ‘yang hihila sa iyo at pipigil sa iyong pag-unlad bilang isang rebolusyunaryo,” sambit ng isang kadreng kasama sa akin.

Masakit marinig ang katotohanan ng puna, ika nga.  Minsan, mahirap tanggaping nagkamali ka, lalo na kung nakasanayan mong makipagtunggali at ipilit na tama ka dahil sa burgis mong arogansya. At totoo ito para sa akin.  Ngunit basa ko sa paabot ng kasama na wala siyang ni-anumang intensyong saktan ang aking damdamin. Sa halip, naroon ang pag-aalala niya sa akin bilang kasama at ang kagustuhan niyang makaigpaw ako sa kinakaharap kong krisis.

Sa tulong ng mga pag-aaral at payo ng mga kasama, unti-unti kong sinikap makabawi, patibaying muli ang paninindigang manatili sa pagsusulong ng rebolusyon at masikhay na gumampan ng mga gawain.

Sa paglaon, kasabay ng matinding atake ng kaaway sa rebolusyunaryong kilusan at pag-iral ng ilang mga kahinaan natin sa gawain na lulundo sa pagdalas ng mga depensibang labanan at pinsala sa ating pwersa, haharapin ko naman ang panghihina dahil sa pagmamalaki ko sa lakas ng kaaway at takot dito, gaya ng dinanas din ng ilan pang mga kasama.  Nagsimula itong masalamin sa pag-aalangan

kong gumampan ng gawain maski sa malapitang pagde-detats at mababang perpormans sa mga labanan.  Lulundo ito sa pagtanggi ko sa isang mahalagang tungkulin, kasama ang isang maliit na tim dahil sa kawalang-kumpyansa ko sa sariling lumaban.

Sinikap itong bakahin sa antas ng aming yunit sa pamamagitan ng pagbabalik-aral sa mga teorya ng digmang bayan, at muling pagsasanay sa usaping militar. Kasabay nito, buong pagsisikap at mapangahas na lumangoy ang mga kasama sa mas malawak na masa upang mabawing muli ang inisyatiba sa digma, kasabay ng pagbawi ng kumpyansa ng mga Pulang Hukbo. Nakatulong ang mga ito sa akin upang hindi ako malunod sa takot ko sa kaaway.  Ngunit pana-panahon pa ring nangingibabaw sa akin ang takot na minsanang nagiging dahilan ng pagiging pasibo ko sa pagkilos.

Hanggang sa nakilala ko ang isang kasama, si Ka Nine[1].  Naging malaking inspirasyon sa akin ang kanyang katapangan sa pagharap sa kaaway, kasabay ng mahusay niyang pagtupad sa mga tungkulin bilang opisyal ng Hukbo at kadre ng Partido.  Magkakasama kami ng ilang panahon sa gawain; matututo ako sa kanya ng napakaraming bagay, mababasag niya ang mali kong pagtingin sa kaaway at muling babalik ang aking sigla sa paggampan ng rebolusyunaryong gawain.  Sa kabilang banda, sa proseso ng aming pagsasama sa gawain at paglalim ng pagkakakilalan, iibig kami sa isa't isa at magiging magkasintahan, habang patuloy na tinutupad ang aming tungkulin.

Ngunit hindi magtatagal ay muli akong haharap sa isang mabigat na krisis, isang krisis na hindi ko napaghandaan, ni sumagi man lamang sa isip ko.  Sa gitna ng marahas na digmaan, mabubuwal ang magiting na Pulang mandirigma na si Ka Nine, ang aking minamahal.  Sa kanyang pagkamartir, pakiramdam ko'y nawalan ng saysay ang aking buhay.  Lalong lumaki ang takot ko sa kaaway at ang pinakamalala ay mawawalan ako ng tiwala sa masa.

---

*1 Si Jomari Palomar (Ka Nine) ay isang magiting na Pulang Kumander na namartir sa isang labanan sa Roxas, Oriental Mindoro noong Agosto 7, 2025*

"Ayoko nang maging Hukbo! Hindi ko na kaya."

Ito ang paulit-ulit kong sinasabi sa sarili ko, sa gitna ng ilang araw at gabi kong pagluha.  Bagamat naiintindihan ko ang mahigpit na sitwasyong militar na kinahaharap namin noon ay nagrerehistro pa rin akong lumabas ng sonang gerilya.  Nais ko na lamang takasan ang labis na kalungkutan at hirap.  Sa kabilang banda ay tinutunggali ito ng aking isip na mas ikapapahamak ng mga kasama at ng sarili ko kung aalis ako. Higit pa roon, hindi ko mabibigyang-hustisya ang pagkamartir ni Ka Nine at ng iba pang mga kasama at masang naging biktima ng karahasan ng estado.

Sa panahong iyon, buong pagsisikap kong nilabanan ang pesimismo, at unti-unting makaalpas sa krisis.  Naaalala ko ngang bilin ko sa aking mga kasama, "'Wag ninyo akong bibitawan, *please*?"

Ngunit kasabay ng tunggalian sa aking isip kung mananatili ako sa Hukbo o hindi, kung pipiliin ko ang sarili ko o ang rebolusyon, bumitaw ako sa lahat ng aking tungkulin.  Hindi na rin ako noon gumampan sa mga gawain—maski sa mga teknikal.  Umabot ako sa puntong nakaduyan lamang ako maghapon at magdamag.  Hindi rin ako nakikipag-usap sa mga kasama, liban kung tatanungin.  May mga nabitawan din akong masasakit na salita sa mga kasama.  At nawalan ako ng ganang humarap at makihalubilo sa masa.

Sa gitna ng matinding krisis at pagluluksa, matiyaga at buong-sikap akong inalalayan ng mga kasama.  Makikita ito mula sa simpleng pangungumusta sa araw-araw kung kumain na ba ako o nakatulog ako nang maayos, sa paghawak sa aking kamay at sa pagyakap sa akin sa tuwing ako'y umiiyak o nagpa-*panic attack*, sa pag-alalay sa akin sa paglalakad, sa mga padalang mensahe ng pakikiramay at pagpapalakas ng loob ng mga kasama, hanggang sa matalas na pagpuna sa nagiging kahinaan ko sa pagharap sa krisis.

Sa pamamagitan ng pag-alalay ng mga kasama ay nagawa kong manatili at makalampas sa pagdadalamhati sa pagkamartir ng minahal

kong kasama sa rebolusyon at tanggapin na ito'y sadyang bahagi ng digmang bayan.

Ngunit sa pakikisalamuha lamang sa mga minamahal at pinaglilingkuran ng rebolusyon — ang masa - ang syang tuluyang nakapagbigay-sigla muli sa akin upang kumilos at magsikhay sa gawain. Ang masaksihan ang kanilang paghihirap dahil sa tatlong salot sa lipunang Pilipino, ang imperyalismong US, pyudalismo, at burukrata-kapitalismo, kasabay ng pasismo ng estado sa kanila, ang bumuhay muli sa nag-aalab kong kagustuhang isulong ang demokratikong rebolusyong bayan hanggang sa tagumpay nito. Napagtanto kong ang kalagayang ito mismo na nagmulat sa akin upang buong-panahon kong ialay ang aking lakas at kakayanan sa rebolusyon at sa mamamayan, ang siya ring mabisang gamot sa aking mga naranasang krisis at siyang patuloy na nagpapatibay ng aking rebolusyunaryong paninindigan. At marahil, ito rin ang muli't muli kong ipapaalala sa aking sarili, sa tuwing daranas ng matitindi pang krisis sa hinaharap. Sa paghawak dito'y tiyak akong malalagpasan ko ang bawat pagsubok at iaalay ko na ang aking buong buhay sa rebolusyon at sa masang aping pinaglilingkuran ko. D




*ink and colored pencil*
Ka Giovani



# TULA

# Mga hiling sa aking kaarawan

NI KA RAIN

Dalawang tulog na lamang —
at ako'y muling isisilang
sa araw na hindi kandila ang ilaw,
kundi apoy ng paninindigan.

Tahimik ang gabi,
tila nakikiramay ang mga bituin
sa aking paggunita sa mga aninong
di na muling nasilayan ng araw.

Una kong hiling — hustisya.
Para sa mga duguang umaga
ng Bloody Sunday Massacre,
para kina Armando Buisan, George Coronacion, Arnold Buri —
mga pangalang binura ng bala,
ngunit di kailanman mabubura sa alaala.

Ikalawang hiling — ilitaw sila.
Si Abet Enriquez, at ang iba pang
desaparecidos na mga nawaglit
sa dilim ng mga lihim na kulungan.
Hanggang ngayon, larawan na lamang
ang kanilang yakap sa mga iniwan.


Ikatlong hiling — palayain.
Palayain sina Alex, Miguela, Reynante,
Reyman, Fatima, Jay-Ar, Fidel, iba pang bilanggong pulitikal
na ipininid sa malamig na rehas

ng kasinungalingan at takot.
Mga tinig nilang pinipigil
ang siyang musika ng paglaya.

Hindi ito mga hiling sa isang kaarawan,
kundi mga sigaw ng bayan,
mga panawagang isinilang
sa bawat patak ng luha ng ina,
sa bawat dasal ng ulilang anak,
sa bawat kandilang nauupos sa puntod
ng katarungang mailap.

Ito ang aking handog —
hindi alak o awit ng kasayahan,
kundi panata ng pagpapatuloy:
na sa bawat pagsikat ng araw,
may isa pang tinig na lalaban,
may isang pusong hindi titigil
hangga't hustisya'y hindi ganap.

At kung darating man ang aking kaarawan,
nawa'y hindi ito pagdiriwang
ng aking paghinga,
kundi pag-alaala
sa lahat ng patuloy na lumalaban,
kahit walang araw,
kahit walang bukas —
sapagkat sila
ang tunay na di namamatay.




*colored pencil*
Mayo Liwayway

# Byaherong BHB

NI KA YOYOY

Ako'y naglalakbay sa laot
Hindi masukat ang distansya ng karagatan
Bangkang de motor ang aking sasakyan
Sa gitna ng karagatan nasalubong ang subasko
Nangangamba ako baka mapaano
MLM ang aking timon
Na nagkukumpas ng aking direksyon
Nalagpasan ang pagsubok ng subasko
At napaunlad ang teorya at praktika ng MLM

Patuloy pa rin ako sa paglalakbay sa malawak na karagatan
Nakita ko sa unahan ang malalaking along sumalubong
Kailangan pag-aralan nang mahusay ang delikadong sitwasyon
Patuloy na mahigpit na hawakan ang MLM na ating timon
Upang tuluy-tuloy na maglayag sa tamang direksyon

Malayo pa ang aking patutunguhan
Tungo sa inaasam na pupuntahang dalampasigan
Dahil makapal ang ulap at sobrang lakas ng ulan
Bumagal ang takbo ng aking bangka
Basang-basa at nanginginig ang aking katawan sa lamig
Masilaw ang liwanag ng kidlat sa madilim na paligid
Nabibingi ako sa malalakas na kulog
Paano ko kaya lalampasan ang daluyong?
Bangkang napinsala, paano kukumpunihin
Upang ang aking paglalayag, magtuluy-tuloy man din
Kailangang ang timon mas mahigpit na hawakan
Nang makarating sa dalampasigan.

*Nov. 14, 2025*
*2:51 pm*

# Opensib

NINA KA STAN AT KA LEE

Handa!
Handa, mga kasama
Nariyan na'ng mga pasista
Hawakan ang sandata
Kubli, obserba, banatan sila!


(BOOM!) Bolyum payr!
Sulong, mga kasama
Abe, plangka sa kanan
Kaloy, plangka sa kaliwa
Baking, manatili, iputok ang sandata!

(PANG! PANG! PANG!) Asolt!
Halina, mga kasama!
Pasista'y nagsisuko na
Pulutin mga sandata
Tagumpay sa hanay ng Bagong Hukbong Bayan!

MABUHAY!
Pagbati, mga kasama!
Ang salubong ng masa
Katarungan at hustisya
Hatid ng tagumpay ng ating opensiba!

Ang tapang ng hukbong bayan
Lakas ng sambayanan
Partido ang gabay
Sa pagdurog sa kaaway! D

*22 Pebrero 2025 | 1159H*




PULANG PAARALAN
*colored pencil*
Mayo Liwayway

# Patig at kayumanggi

NI KA ANEL

*Salitang Mangyan-Buhid*

*Odayo alay yapdi owilagan duwaktaw si emi banwanan. Sadi marirok. Sadi sulong kulay brown.*

*Sulong marirok domalan aemi namay nanaw nabol emi tanom de paalam.*

*Sulong kulay brown aglong emi mi fagsabang kasaya emi manoltulan sit famanwanan.*

*Bat-ay seduwa fiyaman at sulong kulay brown maskin fiya at kaugalian.*

*Salin sa Tagalog*

Noong maliit pa ako, may nakita akong dalawang tao sa aming tahanan.

Suot ng isa ay naka-patig. Ang isa naman ang suot ay kulay kayumanggi.

Ang nakasuot ng patig, dumaan sa aming kaingin kumuha ng aming tanim nang walang paalam.

Ang nakasuot ng kulay kayumanggi, ang sabi sa amin, magtipon ang mga kabataan at tayo ay mag-aaral.

Sa dalawa, gusto kong sumama sa nakasuot ng kulay kayumanggi. Kasi malambing at mapagmahal sila sa kapwa.

*April 18, 2024*

# Kailangang iwasto

NI PILOSOPONG BINIBINI

Sa panahon baga naman nitong pagwawasto,
sa dami ng inaral, iyo na bang napagtanto?
natukoy na kahinaan sa sarili ba'y inako?
o pilit pa ring nangatwiran,
pilit pa ring inililiko...

Nakita mo bang ika'y suhetibista?
dahil ang magsiyasat, kinatamaran na pala
mga lipas at dating alam, matigas na praktika
dahil hindi nag-aral,
tawag dito ay empirisista...

Wala na ngang lagom, madalang pa ang tasa
pagtukoy sa kahinaan ay kapos pa
akala sa sarili ay sobra nang galing
wala namang halos bunga mga naging gawain

Makitid na base, wala pang lalim
paboritong himpilan, kaalwan man din
hindi rin umugnay sa malawak na masa
wala nang languyan, konserbatibo pala...

Wala ka ding TO[1] pero madedepensiba
naging pasibo na baga't
nawalan ng inisyatiba?
aktibong depensa ay hindi sapat
birahin ang kaaway, ito ang dapat!
tanging sa ganito lamang makapagpapalakas...

Burukratismo at ultrademokrasya,
sa ating mga kadre kailangang makita

1 *taktikal na opensiba*

maluwag sa sarili, mahigpit sa iba
para bagang sila ay ligtas sa disiplina!

Sa dami ng nabanggit na mga kahinaan
kailangang tukuyin, kailangang durugin!
Isalang ang sarili, magpakumbaba man din!
Sa buong larangan, aabante ang gawain!




*ink*
RA Santiago

# Temperature

NI KA ROCKS

*2 AM.*
*A* kasama *nudges me awake.*
"Kâ, gising. Magluto ka."
*As I sit up in my* duyan*, my mind catches up with my body.*
*The chirps, drones, and chitters of the forest greet me through the darkness.*
*I carefully make my way to the* kusina*, controlling my* ilaw *to avoid alerting the enemy of our presence.*

*I meet another* kasama *in the kitchen.*
*Time to cook.*
*I fill the* kaserola *with water and place it atop the three stones.*
*We have to start a fire.*
*We seal the kusina on all sides to prevent the escape of light,*
*But air circulation also becomes limited, so smoke begins to concentrate.*
*It's been raining, so the* bao *are wet and take long to ignite.*
*The starter, a plastic wrapper, catches easily, but it's short-lived.*
*Several plastic wrappers later, the first* bao *alights, but again, it's short-lived.*
*The flame dies, but its embers remain.*
*We take turns vigorously fanning the embers.*
*Coughs leave our throats and tears well up in our eyes at the unbearable smoke.*
*The smoke stings so much, we have to take a break.*

*Our clothes are soaked.*
*Our belongings are covered in mud.*
*Our stomachs are empty.*
*Our bodies are cut up and fatigued.*

*And this fire won't start no matter how much we fan it.*
*I sit there disappointed, blinking to try to dissipate the burning in my eyes.*
*"What is this all for?"*
*"I want to go home."*

*…*
*…*
*…*

**fwip**

*The pile of* bao *spontaneously ignites.*
*The flame illuminates the* kusina *and my spirit.*
*I'm reminded that contradictions are sharpest when change is on the horizon.*

*A day in the countryside passes.*

*A meal cooked.*
*A meeting held.*
*A report made.*
*A* masa *greeted.*

*A storm hits.*
*A pair of clothes soaked.*
*A sleepless night.*
*A meal skipped.*

*A propaganda piece published.*
*A campaign launched.*
*A cooperative formed.*
*A Red fighter recruited.*

*A counter-insurgency plan launched.*
*An enemy encountered.*
*A* kasama *wounded.*
*A peasant organizer disappeared.*

*A criticism given.*
*An ED completed.*
*An experience summed up.*
*A cadre developed.*

*An enemy battalion deployed.*
*A community surrounded.*
*A supply line cut off.*
*A kasama martyred.*

*A rectification movement initiated.*
*A tactical offensive launched.*
*An enemy defeated.*
*A set of equipment acquired.*

*A Revolution victorious.*
*A people liberated.*

*A single degree warmer can set the bao ablaze.*
*A single spark can start a prairie fire.*

*If we wish to eat, we must boil the water.*
*If we wish to boil the water, we must ignite the flame.*

*When the storm hits,*
*And the smoke begins to sting,*
*We take our* pamaypay,
*And stoke the flames of revolution.*

# Temperatura

MALAYANG SALIN NI V. SANGGANGBAYAN

Alas dos ng madaling araw.
Marahan akong dinunggil ng Kasama para magising.
“Kâ, gising. Magluto ka.”
Sa pag-upo sa duyan, humahabol ang aking naalimpungatang utak sa nagising nang katawan.
Ang mga huni, ugong, at kagaskas ng gubat ang gumiya sa akin sa karimlan.
Maingat akong namaybay tungong kusina, kontrolado ang lente para iwasang mamalayan kami ng kaaway.

Nagtagpo kami ng isa pang Kasama sa kusina.
Oras na para magluto.
Pinuno ko ng tubig ang kaserola at ipinatong sa tungko.
Kailangang magparikit ng apoy.
Tinakpan namin ang palibot ng kusina para hindi makatakas ang liwanag,
subalit nakulong rin ang hangin, nakulob ang usok.
Umuulan kaya basâ ang bao at matagal numingas.
Ang pampadiklap, plastik na balutan, kaagad umaapoy, pero kaagad namamatay.
Ilan pang plastik, umapoy ang unang bao, pero muli, namatay.
Naparam ang apoy, ngunit ang baga ay naroon.
Nagpalitan kami sa ubos-kayang pagpaypay sa baga.
Dinalahit kami ng ubo at bumalong ang luha sa napakatinding usok.
Mahapdi na ang usok, kailangang magpahinga.

Puyog ang aming mga damit.
Ang gamit ay kulapol ng putik.

Ang sikmura'y humpyak.
Ang katawa'y nagdurusa't naghihirap.
At ang apoy na ito'y ayaw dumiklap kahit anong paypay at pagsisikap.

Bigo akong lumagpak, para pawiin ang hapdi sa mata'y ikinisap-kisap.
"Para saan ang mga ito?"
"Gusto ko nang umuwi."

Kablab!

Ang patas ng bao ay biglang nagliyab.
Tinanglawan ng apoy ang kusina at ang aking kaluluwa.
Nagpapaalalang ang tunggalian ay pinakamatalas kapag ang
pagbabago ay abot-tanaw.

Lumipas ang maghapon sa kanayunan.

Naluto ang pagkain.
Naganap ang pulong.
Nayari ang ulat.
Isang masa ang niyakap.

Nanalasa ang unos.
Lusak ang pares ng damit.
Gabing walang tulog.
Isang tanghalian ang pinalipas.

Nalathala ang propaganda.
Nailunsad ang kampanya.
Nabuo ang kooperatiba.
Isang pulang mandirigma ang sumampa.

Nanalasa ang kontra-rebolusyong digma.
Engkwentro sa kaaway.

Nasugatan ang mandirigma.
Isang organisador-magbubukid ang nawala.

Naghapag nang puna.
Nakumpleto ang pag-aaral.
Sinuma ang karanasan.
Isang kadre ang umunlad.

Batalyon ng kaaway ang ipinakat.
Pinalibutan ang komunidad.
Naputol ang linya ng panustos.
Isang kasama ang namartir.

Sinimulan ang kilusang pagwawasto.
Taktikal na opensiba'y naipanalo.
Ang kaaway ay natalo.
Isang tangkas ng riple ang nasamsam.

Isang rebolusyong nanagumpay.
Isang bayan ang pinalaya.

Ang unti-unting pag-init ay kayang magpaliyab ng bao.
Ang munting diklap ay kayang magpalagablab ng parang.

Kung nais nating kumain, kailangang magpasulak ng tubig.
Kung nais nating magpakulo ng tubig, kailangang magpaningas ng apoy.

Kapag tumama ang unos,
at ang usok ay naging mahapdi,
kinukuha natin ang pamaypay,
at ginagatungan ang apoy ng rebolusyon.. D



SA GUBAT
*watercolor*
Ka Agape

# Mga tanong sa aking ama

NI KA ANEL

"Ano kaya 'yon?" ang daming katanungan sa aking isipan.

"Bakit, bakit kaya nila binabagtas ang daang matarik?
Hawakan ay bagin. Paligid ay tinik."

"Bakit kailangan nilang tumangan ng armas at umakyat sa kabundukan?"
mga tanong ko sa aking ama na tila ba may malalim na iniisip at pinagmamasdan ang kagubatan.

"Ama, bakit di tayo pwedeng bumalik sa ating munting tahanan?"

Sa wakas ay sumagot ang ama sa mga katanungan,
"Anak, ikaw, katawan at isip mo ang makakasagot sa iyong mga katanungan."

***

Lumipas ang mga araw, linggo, buwan at taon…
Ako'y nakapaglakbay paroon at parito

Aking napagtanto kung bakit ang mga magsasaka
Nagsasaka, nagtatanim ngunit sa aniha'y walang makain.

***

"Kuya, ate, bakit armas ay inyong tinatangan?"
Tanong kong muli sa tulad kong naglalakbay.

“Kami ang inyong tunay na sundalo. may disiplinang bakal
Lupa at karapatan natin ang aming ipinaglalaban.”

***

Sa aking pagbalik sa piling ni ama
Sabik ako’t walang dalawang isip na nagwika:

“Ama, ama! Nahanap ko na ang mga sagot sa aking mga
katanungan.”

***

Ngayo’y isa na ako sa tumatangan ng armas
Upang bawiin ang lupang inagaw ng iilan. 𝒟

*April 16, 2024*




*ink*
RA Santiago

# Pag-igpaw

NI MALAYANG MAGBUBUKID

Anong hihigit, anong makasasapat
Sa ating ginagawa na alam naman kung ano ang dapat?
Mga gawain na at di matapos-tapos
Kaparaanang lipas, sunod na lang sa agos

Kumulapol na mga dating praktika
Nakuntento na lang sa kung ano ang meron na
Mga kalagayang hindi na mapag-iba
kaya mga ginagawa hindi na tumutugma

Pagtatasa at paglalagom ay ginawa,
sa IPO[1] itinudla
mga kahinaan ay tinukoy upang hindi lumala
at kamalian ay maitama!

Mga kaisipang lapat sa kalagayan ay maitulak
Upang kilusang masa'y muling bumulwak.

Mula sa dating pag-atras,
Muling magpalakas
Determinadong kamtin ang bukas
kasama ng aping bumabalikwas.

Sa rumaragasang unos
ng mamamayang humuhulagpos
Sa pamumuno ng Partido,
Tagumpay ay malulubos.

1 *IPO — Ideolohiya, Pulitika, Organisasyon*

# Signal payr

NI RA SANTIAGO

Inanunsyo ng kaluskos sa bungarngar
pagdating ng 'di imbitadong pusakal

Paano ba pakawalan ang kabog sa dibdib?

kubli
sipat

hingang malalim.

Hawakan ang inisyatiba—

Pang!

Sambot ng de kombat ang unang putok
mula sa kalabit sa riple ng Pulang hukbo
Hayaang kumalat ang pulburang sulasok
manuot sa kalamna't dugo ng bayarang berdugo!

At kumisay—

humagok nang napakalalim.

Saka nagpatirapa sa lupa.
Kinaon na ng dyablo ang palalong sarhento!

Pang!

Pang!

Pang!

BOOM!

Isinilang nang muli
kumpyansa ng Pulang mandirigma
Umaalingawngaw nang muli
makauring galit at tapang

Nababatid ko na
'di laging kanila ang bola.

Pasa handa! Tayo'y mag-opensa
TATALUNIN NATIN SILA.

*9 Agosto 2024 | 0548H*



*ink*
Mayo Liwayway

# Laro tayo

NI KA ARVHY

Tagu-taguan, maliwanag ang buwan
pagbilang kong tatlo, nakatago na kayo
isa, dalawa, tatlo

Bakit wala nang tao, akala ko'y naglalaro tayo?

Dinayo signalan para sa larong uso
ML[1] ika 'nyo
may litanya pang
"Maligayang pagdating sa lugar ng magigiting"
kung pambungad ay tatagalugin

Tagu-taguan ba'y ayaw nang gawin?
Maaari naman nating ibahin
Inyong tsinelas ay hagilapin
tumbang preso'y ating laruin.

Bakit 'di tsinelas ang nasa inyong kamay?
Android na selpon ang inyong tangay
Sa'n ba ang inyong punta?
hanap ba'y piso wifi?
Naluma at kinalawang na itong lata
Nanatili na ring nakatumba,
wala nang halaga kundi pambenta.

Totoo nga bang malaki na ang pinagbago?
Ang laro nga ba noo'y di na uso?
Pati ba mga kagawian ay nabago?
Marahil nga'y oo.

---

*1 *Mobile Legends*

Pero may isang larong alam kong sinasalihan pa ninyo.

Tiyak kong Pasa-bilis ay inyong tanda
'Di pwede ang mabagal at pahina-hina
kaya't humanda, Pasa-bilis ating laruin na
Ang mga berdugo'y paatake na
Humanay at mag-antay
Sa galaw ng sundalo, tayo'y sumubaybay

Tagu-taguan, maliwanag ang buwan
meron sa likod at meron sa harap
mga pulutong ng kaaway ay nakapakat.
Mga mersenaryo'y gawing kulelat
'Di papaiskorin kahit na kapurat

Mga kasama'y ulatan na
Bilang at direksyon ay isama pa
Gamit ang Android o kahit na tsinelas na de-sipit pa
Klaruhin ang mga ulat na pawang sasapat

Tapatan man ng sandamakmak
Sa Hukbong baya'y 'di mananalo
Sundalo'y siguradong uuwi ng kampo
na lulugo-lugo.

*April 28, 2025*
*2149H*

# Pag-alis ng piring

NI KA YOYOY

Ako ay isang kasapi ng Partido
Kinalawang ng sakit ng mga "-ismo"
Suhetibismo, empirisismo, liberalismo
Sa organisasyon ay nakabagahe ito
Dahilan kaya umatras tayo.

Balik-aralan ang mga prinsipyo
Ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Kilusang pagwawasto ang pagtatanggal ng mga kalawang
Kailangan ko tanggalin ang sa mata ko'y nakapiring
Nakita ko muli ang katotohanan
Sumalunga sa malakas na agos ng tubig ng ilog
At maging tunay na isang lider na mamumuno sa Partido Komunista


Pukawin, pakilusin, organisahin ang malapad na mamamayan
Isulong natin agraryong rebolusyon ng magsasaka
Itaas ang sahod ng mga manggagawa!
Ipaglaban ang karapatan at serbisyong panlipunan!

Wakasan ang kahirapang dulot ng walang-awang burukratang kapitalistang gahaman
Pasistang berdugong mamamatay-tao sa kanayunan at kalunsuran
Magnanakaw ng kaban ng bayan
Pagtatanggap nila ng mga sulsol ng impe ay kaliwa't kanan

Balikatan *exercise*
Walang habas ang pagpapaputok ng mga *missile*
Malaking epekto sa hanapbuhay at tirahan,
Matitinding takot at pinsala sa mamamayan

Kailangan na tayong gumising at magkaisang harapin
Mabangis na berdugong pasistang dayuhan

Armadong pakikibaka ng Bagong Hukbong Bayan
Ating pasiglahin sa buong kapuluan
Isigaw ng mamamayan:
Labanan ang burukratang kapitalista at amo nila
Imperyalismo palayasin, ibagsak, durugin!
Ito ang tunay na solusyon upang makamit ang tagumpay
Ng demokratikong rebolusyon ng bayan
Sisibol sosyalismo
Na tatamasahin ng mamamayang Pilipino.




*ink*
Ka Pleni

# Pagpapanday ng kontradiksyon

NI KA LINA

Kontradiksyon—
Isang batas ng mundong pinag-aaralan at isinasabuhay nating mga Komunista
Ang pag-iisa ng dalawang magkasalungat na saanma'y makikita
Paggalaw ng magkasalungat at tunggaliang makapangibabaw sa isa't isa ay laging nariyan
Na syang nagtatakda ng pagbabago, pag-unlad o pagkawala
At nagbibigay-katuturan sa anumang penomenon o materya

Tulad ng kontradiksyon sa ating mga rebolusyonaryo
Hindi natatapos hanggang buhay nati'y huminto
Tunggalian sa pagitan ng nakasanayang gawi at pagapapanibagong-hubog; sa pagitan ng komportable at sakripisyo;
Tunggalian sa pagitan ng pag-alis o pananatili; sa pagitan ng bayan o sarili
Araw-araw itong krisis na pinagninilayan kung ano ang magwawagi—ang magpasyang manatiling rebolusyunaryo o hindi

Sa pag-iral ng lipunang kapitalista sa daigdig
Kasabay nitong naghahari ang kaisipang burgis
Pagiging makasarili, sadyang sa ati'y idinikdik
Kaya't kahit sa loob ng kilusan, ito ay pilit sumasagipsip

Sa digmaa'y 'di rin mawawala ang mga krisis
Na sa paglaon ng panaho'y papalaki at umiikid
Mula sa mabigat na pagtanggap ng puna hanggang sa proletaryong pagpapanibagong-hubog, sa papatinding karanasan ng kahirapa't sakripisyo, sa pagluluksa para sa martir ng minamahal sa digmaan, sa pagharap sa kamatayan, hanggang sa pag-aalala sa ating

pamilyang dinarahas at ginigipit
Yayanig sa tibay ng ating paninindigan, isip at dibdib, at maaaring lumundo sa pag-iisip na umalis

Ang tunggaliang makauri ay nariyang palagi
Ngunit ang proletaryong Partidong tangan ang Komunistang hangarin
At tayong mga rebolusyunaryong tapat sa tungkulin
Sa gabay ng Marxismo-Leninismo-Maoismo, mga burgis na kaisipan, pananaw, at estilo ng paggawa'y sinisikap nating bakahin
Mga krisis na dinaraana'y iniigpawan, at tayo'y nananatili—patuloy na lumalahok sa Digmang Bayang papaigting

Masikhay na pag-aaral ng teorya't praktika'y laging nasa gawain
Napapanahong PPS[1] ay inilulunsad nang mataimtim
Pag-alalay sa mga kasamang dumaraan sa krisis ay ginagawa rin
Ito'y nagpapatatag, nagpapatapang, nagpapalakas sa atin, habang nakikibaka hanggang sa tagumpay natin!

1 *pamumuna at pagpuna-sa-sarili*

# Magpakabihasa sa batas ng paggalaw

NI KA SILANG

Sa batas at indayog ng laksang paggalaw
Kaya nating sabayan ang talahib sa pagsayaw
Sukatin at abutin ang malayong pagtanaw
Tiyaking walang masamang bahid ang pananaw
Ang magtutulak sa 'tin sa landas ng pagkaligaw

Kaya't sa estratehiya ng ating laksang pag-ahon
Sumanib tayo sa amoy ng mga dahon
Kilalanin ang batas ng pag-unlad sa panahon
Huwag pakatatali sa mga kaisipang nakakahon
Upang pagbigwas sa kaaway ay umayon

Lumubog man tayo sa kumunoy ng paghihirap
O lunurin ng ating puspusang pagsusumikap
Pakatatandaan natin na mayroon tayong gabay
Ang Marxismo-Leninismo-Maoismo na taglay

Kaya't saan man tayo atakihin ng unos
Tayo'y ilog na 'di papipigil sa pagragasa ang agos
Kahit sa pusikit na dilim, tayo'y huhulagpos
Tayo'y mga kandilang 'di basta-basta pauupos.

*Itinanghal sa ikatlong anibersaryo ng pagkamartir ni Kasamang Jose Maria Sison, Disyembre 16, 2025*



PULONG TALAKAYAN
*ink*
RA Santiago



SA ALAALA NG MGA
REBOLUSYONARYONG
MARTIR

# Ang buwan ng Oktubre

Ang buwan ng Oktubre ay para sa mga palad
na hinulma ng putik at araw
sa mga paa na walang pahinga
sa pagtahak sa pilapil,
mga dibdib na nagpupuyos
sa pambabarat ng lipunang gahaman

Para ito sa mga inagawan ng lupa,
sa mga sinamsam
ng mga panginoong maylupa;
sa bawat butil na katumbas ay pawis,
minsan o madalas dugo ang kapalit

At para rin ito sa mga rebolusyonaryo
kina Ka Roger,
Mula sa uring magsasaka
na piniling yakapin ang pulang landas,
nagmulat
nag-organisa
at naging tinig ng uring anakpawis


kay Ka KM, Pulang kumander at mandirigma,
na isinulong ang digmang bayan
sa kanayunang silangan ng Sierra Madre;

at kay Ka Gemma,
katutubong anak ng kabundukan,
na itinindig ang dangal ng lahi

at ipinaglaban ang lupang ninuno
laban sa mapagsamantala

Sila ay mga binhi ng paglaya,
hindi namatay
kundi patuloy na sumisibol,
gaya ng mga palay sa bukirin

Sa lupa, naroon sila.
At naroon din tayo
hanggang sa ganap na paglaya




*ink*
RA Santiago

# Pamamanata sa baril, at sa iyo

NI V. SANGGANGBAYAN

Wala kayong dapat panghinayangan
sa ibinuwis kong buhay,
Una ay wala naman nang kukuhanin
ang kamatayan mula sa akin.
Ang kaisa-isa kong buhay
ay malaon ko nang inialay
at inubos sa paglilingkod sa bayan.
Kaya ano pang buhay ang mawawala?
Ito ay isang buhay na ginugol kong makabuluhan:

Sa pakikipaghuntahan
sa hindi mabilang na Nanay at Tatay
na madalas ay inaabot ng malalim sa gabi;
palibhasa'y sabik
sa paliwanag ang pinababaw
nilang unawa nitong mga tanod ng ligalig, dilim
at lagim.

Sa pakikipagtigkalan sa maglulukad
Kahit baga naman hindi sanay
itong palad ng taga-lungsod
ay nawawala ang pagiging mahiyain
kapag narinig na ang mga kiming tawanan
ng mga dalaga sa baryo
na malamang ay nagtatakang
ano ang nagpapatagal sa pananatili ko rito.

Sa pakikipag-aralan sa kapwa gerilya
na madalas ay sumusukat sa aking hinahon.

Pero pambihirang buklod
ang mga katagang magwasto para sumulong.
Para itong bertud na nakakuwintas
at nagpapaalala tuwina
na sa ating pagkakaiba-iba ay may pagkakaisa.

Wala kang dapat panghinayangan
sa ibinuwis kong buhay,
ito ay isang buhay na ginugol nating makabuluhan:

Oo, natin.
Hindi ba't ang bukambibig ko'y kuwento
ng ating pakikibaka ang kuwento
ng ating pag-ibig.

Huwag sanang sumamâ ang iyong loob,
kung ang pinili kong araw ng pagkamartir
ay ang unang anibersaryo
ng ating pag-iisang dibdib.
Wala nang pinakamagandang pagkakataon
kundi ngayon. Ang aking puso
para sa iyo noong nakaraang taon.
At ang aking hininga sa bisperas
ng pamamanata nating muli
sa baril na ipinagkatiwala ng bayan.

Pakiramdaman ninyo
ang tibok ng aking puso
at walang-pagkapugtong-hininga
sa piling ng bawat aba.

Ang tibok at hininga'y
malaon ko nang inubos sa kanila.

*Ayon sa makata, napanaginipan nya ang persona sa tula. At iyan ang kanyang habilin na gustong iparating sa mamamayan, sa kanyang byuda, at maging sa Kaaway.*

*Alay kay Paulo Cruz (Ka Isko) na namartir sa isang labanan noong Marso 28, 2024 sa Guinayangan, Quezon.*




*ink*
Ka Solana

# Isang taon ng pag-alaala

SANAYSAY NI KA ANELA

Isang taon na nga pala ang nakalipas, isang taon na sa ami'y nagpapaalala ng iyong dakila't maningning  na alaala at ambag sa dakilang armadong paglaban.

Ito ang huling araw na ika'y aming nakapiling. Nakangiti mong niluto ang *pancake* para sa lahat, pinipilit  baliktarin ang mga ito sa maliit na takip ng kalderong iyong pinaglulutuan.

Masigla mong tinutupad ang mga gawain sa araw-araw. Mula sa simpleng mga bagay hanggang mabibigat na responsibilidad, ang mga ito'y iyong tinanganan at pinangahasang mapagtagumpayan.

Ikaw itong hindi nakakalimutan ng mga masang iyong nakadaupang palad, pangalan mo laging hinahanap. Ang iyong tapang lubos na hinahangaan.

Maaalala ka namin sa mga paglalakbay na kasama ka. Ang tulad mo'y hindi nagpatinag sa mga bagyo't unos na humamon sa 'yong paninindigan at katatagan. Matapang mo itong hinarap sa 'yong puso't isipan.

Ikaw 'yong taong hindi mang-iiwan gaano man kahirap ang maglunsad ng digmaan. Nais mong palayain ang sambayanang nagdurusa sa kagutuman.

Sa 'yong pagkabuwal, malamig na hangin sa akin agad na dumampi't nagpahiwatig na naganap na ang sinumpaan mo sa Partido na buong buhay ay iaalay kung kinakailangan.

Nawala ka man subalit mananatili ka sa aming mga puso't isipan.

Ang dakila mong ambag ay magiging inspirasyon sa pagtupad ng mga tungkuling ipagpatuloy ang iyong nasimulan.

Ang tulad mo at ang marami pang martir ay nag niningning sa gitna ng dilim, tulad ng alitaptap na kumikislap sa gitna ng kabundukan.

Ang dugo mong inialay ang magpapaalab nitong digma. Ang armas mong nabitawan ay mahigpit na hahawakan at itututok sa mga berdugong bayaran.

Ang mga gawaing iyong nasimulan ay ipagpapatuloy ng libu-libong kabataan at tatanganan ang mga tungkuling ipagtagumpay ang digmang bayan.

*Alay kay Rey delos Santos (Ka Japet). Namartir sa depensibang labanan noong Disyembre 4, 2024 sa Sityo Punas, Brgy. Balibago, Lobo, Batangas.*

# Mga nawawalang salita at letra sa tula ni Ka Thaw

NI KA RAIN

Ang iyong mga tula'y isang malaking kwento ng iyong talambuhay sa gitna ng digma.

Kasikhayan at katatagan ang ipinapakita at ang mga nakikita ng imahinasyon na mapanlikha.

Sa pagpapatupad ng tungkulin para lipunan ay mapalaya.

Ilang salita at letra man ay nawawala, alam namin ang pagrerebolusyon ang kasinta.


Mula sa kung paano ka naorganisa hanggang sa mga pamamaalam sa buhay na nawala.

Tiyak kami ay magpapatuloy, tatangan ng iyong naiwang pakikipagdigma.

Salita, letra para sa pakikipagdigma para lipunan ay mapalaya.

Rebolusyon at pakikibaka ay hindi mawawala.

*Alay kay Sandy Broncano (Ka Tau/Thaw/Yno) na nasawi sa labanan sa Barangay Mapulot, bayan ng Tagkawayan noong Agosto 2, 2025.*




DYORNAL NI KA THAW

# Dokards

NI KA BINGBING

Dalawampu't isang putok ng baril sana
ngunit tanging pagtatanggal ng sumbrero
pahapyaw na awit
sa isang nakaw na pahinga
ang naialay ko
sa pagbigay-pugay at pag-alaala.

*"Sa paghinto ng tibok ng puso mo,*
*kami ang magpapatuloy~"*

Dalawang linggo kapagdaka
sa wakas nakapagluksa.

Malupit sadya
ang pinili nating digma
ngunit makatao
makatarungan
MAPAGPALAYA.

Hindi katagalan
isang taon mahigit nga lamang
ngunit puno ng kabuluhan
ika'y aming nakasama.

Tahimik, mahinahon, maaasahan
banayad man ang alon,
o sumiklab ang mainit na labanan.

Banaag sa nginig ng iyong kamay
Sipag at sikhay
Pinaaasinta't pinapanday
armas ng BaHuBa'y pinahuhusay
Duktor ng *double jam* o batangal
mga kalawang na 'di matanggal
o aksidenteng pagkabali ng *butt*
Sa paghawak mo ng sandata
Tiyak ang hiyaw ng hustisya
Kaya't sa kalabit sa gatilyo
kumpyansang lamáng tayo.

Gintong mga kamay?
Laluna ang panlasa
Kulang man sa rekado
Mga luto mo'y palung-palô!
Mula panggugulay, pagkakatay
Hanggang handaan sa baryuhan.
Walang sayang, walang kulang
Bitbit pa'ng sarplas at panghimagas
'Di uso ang gútom sa bantayan
Padaleng Dokards, da onli wan.

Isa kang tunay na kaibigan
kaulayaw at kahuntahan
Minsa'y nakababatang kapatid
makulit at malambing
Madalas ay kuya
sa pagtugon sa mga munting hiling
Ngunit higit sa lahat
ika'y isang kasama
tapat at matatag na mandirigma
matiyagang mag-aaral ng digma.

Tangan sa lahat ng atas
pulido't hindi uwido
Pagpapahalaga'y mataas
sa proletaryong prinsipyo.

Dalawampu't isang putok ng baril, Dokards
'Di ko na bibilangin ang kasunod pa
Siguradong ilan pang punglo
bago ang Palasyo'y tuluyang gumuho.

Sampu ng lahat ng Pulang mandirigma,
pagwawasto't pagsulong ang aming panata.

*24 Dec 2025 | 0821H*

*Alay kay Ka Kardo o tinatawag rin ng mga kasama na "Dokards". Isa siyang magiting na Pulang mandirigma, opisyal sa lohistika at ordnans na namartir sa edad na 35 sa isang labanan sa Sityo Swerte, Brgy. San Vicente, Roxas, Occidental Mindoro noong Setyembre 9, 2025.*




*ink and colored pencil*
Ka Giovani



# Awit

# Sanlibong awit

ARMAS-TK

*Capo: 3rd fret*
*Intro: G-D-Em-C-G-D-Em*

```
G              D           Em      C
Sanlibong awit ang nais ialay
   G         D         G
sa'yo, o Inangbayan
G       D          Em              C
Sanlibong katagang humihiyaw
      G            D        Em
para sa iyong kalayaan

I.
    Em              D          C
Sa pagsikat ng araw sa Silangan
    Em               D        C           D
Sa paghalik ng ulap sa kabundukan
            Em             D          C
Sa pagpatak ng hamog sa mga halaman
   Em      D           C
Tiyak ang kinabukasan

          Em              D        C
Sa pagtunaw ng apoy sa bakal
          Em           D        C           D
Sa paglikha ng mga bagong kalakal
            Em       D          C
Mag-aaklas ang uring manggagawa
   Em      D           Em
Igugupo ang hambog na kapital
```

```
                Em        D       C
Sa pagbungkal, pagdilig sa tigang na lupa

                Em        D      C       D
Sa pag-usbong ng mga binhing sinaka
        Em      D       C
Sa pagbawi ng uring magsasaka
               Em  D         C       G
Wala nang aagaw sa lupaing minana
```

Em-D-C
Hmm
Em-D-C-D
Hmm
Em-D-C
Hmm
Em-D-Em
Hmmm

```
               Em        D       C          G
Sa dagundong ng yabag sa mga lansangan
             Em          D       C            G
Sa pagbigwas sa hangin ng kuyom na kamao
              Em        D         C         G
Sa wagayway ng sanlibong pulang watawat
     Em             D      C       G
Dadaluyong ang poot ng sambayanan

            Em        D       C          G
Sa paglakas ng bulong sa mga kakahuyan
           Em        D      C         G
Sa paglitaw ng ginto sa mga tunggalian
             Em      D        C      G
Sa pagputok ng baril ng Pulang gerilya
   Em           D      Em
Aagawin ang kapangyarihan
```

*F#m E D*
Sa pagguho ng haligi ng palasyo
*F#m E D*
Sa pagwasak sa berdugong estado
*F#m E D*
Sa alingawngaw ng tinig ng proletaryo
*F#m E F#m*
Digmang bayan ay alay sa'yo

*F#m E D*
Sa pagdatal ng tagumpay sa kasaysayan
*F#m E D*
Sa mga bayani ang karangalan
*F#m E D*
Sa kanila, sa'yo, sa atin, sa masa
*F#m E A*
Sanlibong awit ng paglaya!

*F#m-E-D*
Hmm
*F#m-E-D-E*
Hmm
*F#m-E-D*
Hmm
*F#m-E-F#m*
Hmm

*A E F#m D*
Higit pa sa buhay ang iaalay
*A E A*
sa'yo, o Inangbayan
*A E F#m D*
Higit pa sa alinmang kataga
*A E A*
ang pag-ibig sa kalayaan!

*Unang itinanghal sa selebrasyon ng ika-56 taon ng BHB sa isang larangang gerilya noong Marso 31, 2025.*




*ink*
Mayo Liwayway

# Tambang Remix

BAGONG PAG-ASA

*Em*
Sansaglit na lamang ang hinihintay
*C                    Em*
Dumapa nang dahan-dahan sa gilid ng daan
*C   D                    Em*
Nariyan na, nariyan na ang kaaway
*C        D            Em*
Papalapit, papalapit sating hanay

*Am        D        B7            Em*
Mga pasistang pahirap sa masa
*Em        C   B7        Em*
Nariyan na, nariyan na

*Rap:*
*Em                C*
Pasa-handa! Nandyan na sila
Ripleng dala-dala inyong ikasa
Mga granadero agad na pumwesto
Mga eksplosibo tiyaking presiso

Ikana at iayon sa pagdaan
Tumudla katulad ng pinagsanayan
Walang sasayangin, lahat patamain
Target ay sipatin, tagumpay ay atin!

*(Putok ng baril)*

*Koro:*
*Em                        Am*
Ang gatilyo'y kalabitin
*D                    G*
Isa-isang asintahin

*C Am B7*
Ang bala ay wag sayangin
*C D Em*
Armas nila'y samsamin

(Sigaw ng CO: Asolt!)

*Rap:*
Makinig sa atas, humakbang kaagad
Tumingin sa kanan at sa kaliwa
Hanggang sa ganap nang maparalisa
Ipunin at kunin ang armas nila

Dagdag na lakas sa sambayanan
Dagok at paghina naman sa kaaway
Malaking hakbang sa baitang-baitang
na pagsulong na kinakailangan

Dagdag sa marami nang tagumpay
Kasabay ng pag-igting ng digmang bayan
Sa bundok, parang, at mga kapatagan
Sa buong bansa ay ating pagpugayan

(Mabuhay ang Bagong Hukbong Bayan!)

*Outro: C D Em*
Isang tagumpay sa Bagong Hukbong Bayan!
Isang tagumpay sa ating digmang bayan!
Isang tagumpay! Isang tagumpay!



SIESTA SA SONA
*watercolor*
Ka Agape



# ISKRIP

# Chikad Maglulukad (Director's Cut)

PULANG BANDILA - APOLONIO MENDOZA COMMAND

MGA TAUHAN:
Chikad Da Maglulukad (babae, 20 pataas ang edad)
Kumander (lalake, 40 pataas ang edad)
Manok (kahit ano, basta hindi 45-days)
TOD 1 (lalake, 20 pataas ang edad)
TOD 2 (lesbian, 20 pataas ang edad
Pasistang sundalo (pangit, mukhang di-naliligo)
Masa 1 (babae, matanda na)
Masa 2 (lalake, matanda na)
Kabayo (kulay pula, may mortigon)
Narrator (maganda at maarte ang boses)

PA: Itinatanghal ng Apolonio Mendoza Command ang Pikad- este, Chikad Maglulukad: The Yunit Tabsing Experience!

*[Opening Scene]*
*[Nakatayo lang si Chikad]*

Narrator: Siya si Chikad, isang pultaym na hukbo, na dating maglulukad. Ikatlong taon na niya sa NPA, ay talagang wala na akong ma-sey! Sa tuluy-tuloy niya na pagkilos ay matutuklasan niya na ang kaniyang buong husay, talino, lakas at ganda ay magagamit sa pagsusulong ng makatarungang digma! Oh di ba? Kaya tara't kilalanin pa natin si Chikad Da Maglulukad sa anim na buwan niyang pagkilos sa Rekoberi Erya.

*[Bibyahe sina Chikad at Kumander papailanlang sa kalawakan papuntang lugar na bawal sabihin dahil baka malaman ng pasistang sundalo]*

Hindi malilimutan ni Chikad noong isang gabi ng Nobyembre, taong 2024, araw ng Martes, sa kalawakan ng ulap ng Bondoc Peninsula ay babiyahe na siya sakay ng kanilang *spaceship* na Uber Sonaship... *(Tunog ng rocketship)*

*[Awit: (Alapaap – Eraserheads) Ang daming bawal sa mundo/ sinasakal nila tayo/ buksan ang puso at isipan/ paliparin ang kamalayan/ Masdan mo ang aking mata,/ di mo ba nakikita?/ Ako ngayo'y lumilipad/ at nasa…]*

Narrator: hanggang makalanding si Chikad sa hindi pa matukoy na kabundukan sa bayan na hindi pwedeng sabihin dahil baka malaman ng pasistang sundalo. At nakatulog sa matinding pagod… *[Matutulog si Chikad, Kumander exit scene]*

Manok: Tiktilaoooook! *[Enter scene Kumander]*

Kumander: Huy, Chikad, gising na! Hanap tayo ng tubig.

*[Gumising si Chikad at naghanap sila ng tubig]*

Narrator: At lumipas ang maghapon, si Chikad ay naubos lang ang pawis, lakas, at ganda sa kakahanap ng maiinom na tubig. *[Chikad – kukunin ang Dextrose at lalapit kay Kumander]*

At ang nangyari…

Kumander: Anong gagawin dito sa Dextrose? Itutorok?

Chikad: Teka, teka! Hindi yan ituturok, iinumin natin iyan.

*[End scene, Sabay na iinom. Exit Kumander]*

Narrator: Sa unang labing limang araw ay natuklusan ni Chikad na lalo siyang lumakas, gumanda, at sumipag sa iba't ibang gawain. Napakasigla ng gawaing masa!

*[Enter scene Masa]*
*[Awit: Di ba tayo Kasama, sa layunin ay tapat, Layuni'y nagsisilbi sa interes ng masa, Kung tayo'y rebolusyunaryo dapat ipakita, Batayang Aktitud sa isip at gawa…]*

*[Pagtatalakay ni Chikad, nagbubuo ng GP]*
*[Gawaing produksyon: Pagtigkal/Pagkawit]*
*[Serbisyong medikal: bunot ngipin]*
*[Pakita na naggagawa ng bahay]*

Chikad: *[Nakatingin sa audience]* Maraming propesyon sa hukbo, pwede kang maging titser, abogado, doktor, karpintero at marami pang iba!
At nandito kami para ihatid ang batayang serbisyong ipinagkakait ng rehimeng Marcos at Duterte!

*[Chant: Marcos-Duterte, walang pinag-iba! Parehong tuta, diktador, pasista!]*
*[Enter scene Pasistang sundalo, shots fired]*
*[Exit scene mga masa, manatili Kumander at Chikad]*

Kumander: Labas sa Lukaran! Magkober kayo! Labanan!

*[Chikad at Kumander mamumutok at aatras]*
*[End scene]*

Narrator: *[Balita-style: TooToooot, HEADLINE BUKAS, NGAYON ANG BROADCAST SA BENTE KWATRO ORAS]*

Isang labanan ang naganap sa pagitan ng AFP at NPA sa “Insurgency-free” Quezon

kung saan ligtas na nakaatras ang mga Pulang mandirigma kahit naiwan ang manok, isda, ginupit na bayuko at ilang gamit pangkusina]

*[Enter scene Chikad at Kumander, naglalakad]*

Narrator: Nagbiyahe naman tungo sa bayan na bawal sabihin ang ngalan dahil baka malaman ng pasistang sundalo ang napalaban na hukbo!
Medyo naligaw lang...
*[Enter scene Masa 1]*

**Narrator:** Ngunit nang makakita ng masa ay abot tainga naman ang ngiti ni Chikad na lalong gumanda, lumakas, at nangahas na kausapin ang masa at magpabili ng pang-ulam at bigas!

*[Chikad magpapabili sa masa]*
*[Masa 1 aalis at babalik dala ang pinamili]*

*[Chikad mag-aabot ng bayad]*
**Chikad:** Salamat, Tay! Narito po ang bayad.

**Masa 1:** ‘Wag na mga Kasama, alam namin ang tungkulin namin sa inyo.

**Chikad:** Salamat po talaga Tay ah. Kaya kayo ay para sa NPA pa rin, malakas talaga! Di matalo-talo!

*[Kamayan]*
*[End scene, exit Masa 1]*

**Narrator:** Grabe ano? Hindi kailanman masasaid ang malalim na balon ng suportang masa na natatamasa ng Hukbo. Dahil nasa wastong linya tayo, sa gabay ng Kilusang Pagwawasto ng mahal na Partido, marapat lamang na ipagdiwang ang ika-56 na anibersaryo!

*[Enter scene TODs]*

**Kumander:** Maligayang pagdating sa mga TOD natin!
**TOD 1:** Maraming salamat sa mainit na pagtanggap!

*[Enter scene Pasistang sundalo, nasa gilid tila nagrerekon]*

**Narrator:** At kahit may kilos ng kaaway.. Oo, kahit 15 minutos lang ang layo nila.

*[Enter scene Masa 1, may dala na handang pagkain at naka-flashlight saka i-o-off]*

Narrator: tuloy ang pagdiriwang dahil nandiyan ang mga masa na nagtataguyod at kasalo ang hukbo sa dala-dala nilang handa na *Spaghetti, Fried Chicken,* Sinukmani, Lumpiang Shanghai.. pero siyempre, bawal mag-*flashlight!*

Chikad: *(Pabulong)* Kain na, kain na!

TOD 2: *(Pabulong)* Grabe pala talaga ang pagmamahal ng masa, andami nilang handa! [Magsasandok ng pagkain sa dilim]

Chikad: *(Pabulong)* Uy Ka, hindi na sinukmani ang sinasandok mo, lupa na yan... hahaha

*[End scene]*

Narrator: Paalala, ang lupa ay hindi kinakain, ipinaglalaban iyan! At dahil diyan, siyempre, tuloy ang gawaing masa!

*[Enter scene Chikad, mga Masa]*

Narrator: Sa panahong ito, nabuo ni Chikad ang mga GP magsasaka at kababaihan na hindi pwedeng sabihin kung ilan ang kasapian dahil baka malaman ng pasistang sundalo habang tuluy-tuloy ang pagbibigay ng iba't ibang serbisyo sa masa.

*[Awit: Batayang Aktitud ay dapat tandaan, Masikhay sa pag-aaral, masigasig sa pagtrabaho, Matapat sa punahan, hindi liberal, Handang magsakripisyo at disiplinado]*

*[Pagpapakita ng Gawaing Masa]*

*[Enter scene Kumander]*

Kumander: May bakas ng kaaway!

*[Exit scene, mga Masa]*

*[Chikad pack-up, lakad sa likod ng Kumander, upo, tulog, gising, lakad ulit]*

Narrator: Ayan na si Chikad, papasok na sa panahon ng puro lakad. Minsa'y di alam kung saan na napapadpad. Sa dami ng nababakasan at ilang beses na nadidikitan, imbes na makatulog ay aalis na lang.

*[Chikad upo, tulog, Kumander nag-alis]*
*[Kumander nagbalik nakasakay ng Uber Ride]*

Kumander: Chikad, sakay na sa Uber, libre ito at walang GPS! O yung kaldero baka maiwan mo!

*[Chikad sasakay sa Uber, byaheng bayan na hindi pwedeng sabihin kung saan dahil baka malaman ng pasistang sundalo]*

Narrator: Sa panibagong yugto, nakapasok muli sa mga dating base si Chikad taglay ang panibagong sigla at determinadong postura na simulan ang pagkukumpuni ng mga Sangay ng Partido sa Lokalidad. Nakausap nila ang *(tu-tut!)* na mga kasapi ng Partido at nakarekrut ng *(tu-tut!)* pa. Whoops! Hindi pwedeng sabihin kung ilan dahil baka malaman ng pasistang sundalo.

Nagtasa, nag-aral, muling nanumpa at nagbuo ng mga plano. At ayan, may sasanib pa nga! *[Sasama sa lakad Masa 1]*

*[Lakad na naman si Chikad at si Kumander]*
*[Enter scene Pasistang sundalo, naglalakad]*
*[Kumander senyas na may kaaway, ituturo, senyas ng double time]*
*[Pasistang sundalo may maririnig sa direksyon nina Chikad, titigil sa paglalakad]*

*[Kumander unang mamumutok]*

PAK! PAK! PAK!

*[Pasistang sundalo tatakbo palayo]*

*[Atrasan, naglalakad sina Chikad, Kumander at Masa]*

Chikad kay Kumander: Alam kong pagod ka na e, ako na muna ang magsisiyasat.

Kumander: O sige. Bumalik ka agad pag may kakaiba

Chikad: Hintayin niyo ako dito ah

*[Chikad magsisiyasat]*

*[Enter scene Pasistang sundalo, mapapansin si Chikad at tatawagin]*

Pasistang sundalo: Hoy! Sino ka? Ano ginagawa mo diyan? Halika nga rito!

Chikad: Teka lang, ser. Bakit po ba? *[Binaliktad ang sumbrero at nag-ayos ng buhok]*

Pasistang sundalo: May itatanong lang ako saglit.

Chikad: Ay, saglet lang ser, mag-uula pa ako ng kabayo!

*[Chikad tumakbo]*

Narrator: Tumakbo nang mabilis si Chikad! Mabilis na mabilis... tapos bumagal nang konti... tapos binilisan pa ulit pabalik sa mga Kasama saka nag-ulat!

*[Chikad nag-ulat, lakaran]*

*[Enter scene Masa 2, kasama ang kabayo]*

Masa 2: Shurbol! Hee!

*[Chikad at Kumander makikita ng masa, kakamay]*

Chikad at Kumander: Magandang umaga po, Tay, mga Hukbo po kami.

Masa 2: Oh mga Kasama bakit dadalawa lang kayo?! Ang bali-balita ay napapalibutan na daw kayo? 2,000 daw ang sundalo na nandun at may mga Kano pa. Ano yun mga basketball player? Nag-ahon pa nga ng tangke-de-gera saka naglagay ng maraming tsekpoynt!

Chikad: Ganun po ba?

Masa 2: Ay teka, kayo ba ay kumain na?

Chikad: Hindi pa ho.

Masa 2: Ako ay di magtatagal at mataas ang presyo ng buo at lukad. Bukas ang aking bahay.  Pumunta na kayo roon, magluto at kumain. Ano? Pwedeng ganon na lang ang usapan.

Chikad: Sige, salamat po, Tay!

Masa 2: Salamat din sa inyo. Mag-ingat kayo diyan!

*[Kamayan, exit scene Masa 2]*

Narrator: Sa pagdagan ng tatlong (3) batalyon laban sa yunit ni Chikad, kinailangan ang paggamit ng taktikang gerilya na Konsentrasyon, Dispersal at Paglipat para ipreserba ang pwersa. Hayok na hayok ang mga pasista at kitang-kita ang takot nila sa Pulang kapangyarihan.

*[Enter scene Masa 1, kapulong si Chikad]*

At dahil dito, nag-iwan ng mga tagubilin si Chikad.

Chikad: Nay, Tay, nagpapasalamat po kami nang marami sa pagtataguyod ninyo sa amin.  Pero sa ngayon, kinakailangan po muna naming lumakad na naman.  At sa bahagi niyo po ay kailangan niyo namang magpakatatag! Tungkulin po ng Sangay na ipagpatuloy ang pag-aayos ng ating mga samahan at pati na rin ng MB!  Magpulong at bumuo ng plano na tiyak na bibigwas sa kaaway.

*[Pamamaalam, sasakay ng Ubercopter pabalik sa unang pinasukang bahagi ng entablado]*
*(Tunog ng helicopter)*

Narrator: Sa nagdaang mga buwan, tu-tut! na bayan, tu-tut! na baryo at sangkaterbang masang naugnayan na nag-iintay na lamang na maorganisa ang napasok nina Chikad.  Sa daming tu-tut! sa dulang ito, hindi na magkandatuto ang pasistang sundalo paano mapapanatili ang napasubaliang wala nang NPA sa lalawigan ng Quezon!  Naitayo ang *relay* sa pagitan ng masa at ng NPA na magtitiyak ng di mapuputol na ugnayan. At sa ating nasubaybayan, hinding-hindi nabigo ang Yunit Tabsing ni Chikad na tunay na nagsisilbi sa bayan.

*[Closing scene]*

Chikad: Babalik kami. Tiyak sa susunod na pagbabalik ay mas marami na kami!

*[Awit: (Babalik Sa'yo - Moira Dela Torre) Ako'y babalik, babalik, babalik pa rin sa inyo Ooh~]*

*Curtain close - THE END*
*Tatawagin ang mga nagsiganap*


ANG DIGMANG BAYAN
•ARMADONG PAKIKIBAKA
•BASENG MASA
•REBOLUSYONG AGRARYO
GIOVANI



# Liham

*June 17, 2025*

*Dear Ka Wani,*

*Mainit na pagbati at pangangamusta!*

*Datnan po kayo ng sulat kong ito na nasa maayos na kalagayan. Kung kami ang tatanungi'y ayos na ayos pa naman ang mga kasama dito. Matitikas at malulusog gawa ng maya't maya ang dala ng gulay at prutas ng masa! Namiss ko rin po talaga ang gawain sa sonang gerilya.*

*Kaugnay sa aking pakiramdam at agam-agam na naipaabot nung nakaraan ay may naging pagbabago naman po simula ng panahon na nasa piling ako ng masa. Medyo hinamon talaga ang aking pagtitiwala sa masa. Tatlong beses ba naman na may nagtanong sa pamilyang tinutuluyan ko kaugnay sa paghahanap sa dalawang kasama, lalo pa nang makuha ang huling info mula sa masa na alam ng kaaway na may naiwan pang isa.*

*Umabot ako sa panginginig ng buong katawan at sobrang pag-aalala na hahantong sa sobrang pag-iisip (tipong namamalaki ang kaaway). Maige na lamang po at ang masang kumupkop sa akin ay matapang. Kahit noong puntahan ang bahay ng kaaway na sa description ng masa ay naka-full battle gear ay nagawa akong itago ng masa. Tunay ngang napakahusay ng naipunla ng rebolusyon sa mga masa. Di lang ito kay Nanay na ating pwersa, kahit yung mga apo niya ay tinuwangan akong magtago tuwing may ibang tao na pumupunta sa kanilang bahay. Tunay pong masa ang ating sandigan.*

*Malaki ang naitulong ng karanasan kong yun para higit na makita ang maliwanag na kinabukasan ng rebolusyon. Dahil*

*doon nakita ko na kahit may ilang taon tayong nawala sa ating erya, dahil sa naipunla ng mga kasama, ay hanggang sa apo ang nagpapatuloy ng pagtuwang sa rebolusyon sa anyo na pagtangkilik at pag-iingat sa kanilang hukbo.*

*Mabuting bagay na nakapiling ko ang mga masa na ganon. Syempre sa una kinakabahan ako na baka 'pag nagipit ng kaaway ay isuko ako pero hindi nila ginawa bagkus ay iningatan nila ang hukbo.*

*Higit kong nakita ang aking malaking kahinaan na magkaroon ng mga maling kaisipan sa gitna ng sitwasyong higit na dapat na nagpapatatag.*

*Bagamat may pag-igpaw, di naman pa buong-buo na nawala ang aking tensyon. Katunayan ay madami akong panahon na nakakaramdam nito nang makabalik sa yunit. Alam kong di madali pero sa pagiging bukas sa mga kasama, tiyak naman akong matutulungan nila ako. Katulad ng ginawa nyo po nang aking ibukas ang aking nararamdaman.*

*Ito po lamang at salamat.*

*Para sa bayan,*
*Ka Aera*



DAPITHAPON SA KAINGIN
*colored pencil*
Mayo Liwayway

# PASASALAMAT

Nagpapasalamat ang patnugutan ng DAGITAB 2025 sa lahat ng nagsumite ng kanilang mga kontribusyon sa edisyong ito.

Ispesyal na pasasalamat sa opisina ng Revolutionary Council of Trade Unions para sa Paunang Salita. Salamat sa mga kontribusyon ng Pulang Bandila, ARMAS, KM, KAGUMA, mga kasamang *integree* at *exposurists* sa mga sonang gerilya.

Maraming salamat sa lahat ng mga kasama sa lungsod at kanayunan na masiglang nakipagtalastasan para sa pagbubuo ng dyornal.




*Palimbagang Pulang Silangan*
Timog Katagalugan
2025